Queue: 100
Dagling BPO

LAPIS SA KALYE PUBLISHING
Tel. no. (lokal): 0917 948 6108
Tel. no. (internasyonal): +852 6690 5941
Facebook: https://www.facebook.com/LAPISSAKALYE
Email: lapissakalye@gmail.com

"QUEUE: 100 Dagling BPO"
Karapatang-ari © 2018 ni **Al Joseph Academia Lumen**
aljosephlumen@gmail.com

In-edit at isinayos ni **Myra Criselda P. San Miguel**
Litrato ni **Jhon Gilbert R. Dela Cruz**
Disenyo ni **Trisha Jam DC. Cedeño**

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN.

Sarili ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ng may-akda at **LAPIS SA KALYE PUBLISHING.** Anumang bahagi ay hindi maaaring kopyahin ninuman sa anumang paraan ng paglilimbag ng walang pahintulot ang mga kinaukulan.

ooOoo

Hindi sasalungatin ng papel na ito ang kaisipan na ang pinakamahuhusay na manunulat sa kasaysayan hanggang sa kasalukuyan ay sila na karaniwang mga humahawak ng karit, maso, lambat sa pangingisda, metro, tùbo, nakaalapaw sa truck ng basura, gunting at make-up brush, idagdag na rin iyong mga palaging nakaharap sa monitor ng computer at telepono o iyong mga call center agent – sa simpleng salita, silang pangkaraniwang mga manggagawa.

Kaya nilang ilarawan ang kahit na pinakamaliit na detalye ng buhay ng tao na mayroon ang lipunang kanilang ginagalawan.

Palaging mayroong pag-aangkin ang mga obra ni Aljo Lumen, kapuri-puri ito kaysa sa iba. Pag-aangkin na hindi lamang para sa kaniya kundi pag-aangkin at paghahandog para sa ibang tao. Sa 100 Dagli, dadalhin ka ng mga kuwentong paspasan na ito ni Lumen sa pasikot-sikot na mga hallway at kuwarto sa mga dambuhalang BPO companies. Bibingihin ka sa nakakaurat na sari-saring accent ng Ingles ng mga call center agent. Paiiyakin sa mga kuwento ng mga call center na pangteleserye sa Dos o kaya ay sa Siete. Higit sa lahat ng ito, kung susumahin, sa pamamagitan ng mga dagli sa antolohiya na ito, itinatanghal ni Lumen ang totoong mukha ng buhay ng mga call center agent sa Pilipinas, mula sa sariling danas niya. Kanino niya iniaalay? Para sa mga bayaning gising kung gabi.

—Nicolas Completo Gaba Jr. (Guro at manunulat)

ooOoo

Nagmamadali ang mga dagli ni Al. Takot maabutan ng OB kaya isinulat nang mabilisan. 'Yun naman talaga ang katangian ng isang dagli, maiksi at nagmamadali na parang laging may hinahabol na gustong sabihin. Swak na swak sa tema ng mga koleksyong ito tungkol sa mga call center agents, ang paggamit ni Al ng dagli, na para bang ang bawat piyesa ay meron lamang maiksing TOP (time on phone) pero dapat naibigay na ang kahilingan ng customer. Sa panahon nating nagmamadali ay mahalaga na may mga espasyo pa rin tayo para sa ating mga repleksyon, na sa dami ng boses na maririnig mo araw-araw sa telepono at sa pagitan ng mga paulit-ulit na spiels na kaya mong sambitin kahit tulog ay merong maliit na tinig sa sarili mong nagsasabing, "Huy! Gising! May sarili kang boses at ito ang hindi nila pwedeng kunin sa'yo!"

Bakit mo ito babasahin kahit wala ka naman sa BPO? Tulad nga ng sabi sa isa sa mga dagli sa koleksyong ito patungkol sa mga agents at mga babae sa bar, "Magkaibang mundo, parehas sinasamantala." Ang koleksyong ito ay mahalagang ambag sa panitikan dahil binigyan nito ng boses ang mga taong bagaman boses ang

puhunan ay pinipipi ng mga polisiyang mapang-abuso at mapanlamang. Isang pagpapatunay na kaya tayo hinahasang magsalita ng Ingles ay para "sanayin tayong maglingkod sa mga dayong kapital", sabi sa awiting English Speaking Zone ni Propesor Joel Costa Malabanan.

Walang release o haduken button mula sa mga danas ng mga bayaning puyat.

—Rommel A. Pamaos (Guro at isa sa dalawang may akda ng Kada Isang Buwan, dating nasa Wave 1 ng YRC Freight sa EXL)

ooOoo

Mga kuwentong wasak ng mga taong totoo. Hahainan tayo ng realidad pagkatapos ay iwawasiwas ng mga emosyon at paiikutin parang sa tsubibo.

Gustong ipakita sa mambabasa na hindi lang yung alam nila ang BPO, kundi may mas mabigat pa, may mas malalim pa, merong "putik, may ganun pala?" factor.

—Erikson Isaga (Awtor slash tagapagtanggol ng mga pusong sawi)

ooOoo

Itinatampok ang isang natatagong mundo. Isang mundong ginagalawan ng mga taong itinuturing na mga makabagong bayani. Itinatangi dito, na sa kabila ng mga makukulay na polong pamasok at pagtambay sa Starbucks, may napakalawak na mundo na kapupulutan ng aral at realisasyon sa buhay.

—Peter Gabriel J. Miranda (Writer, 8letters and LSK, tatlong taon na sa BPO)

ooOoo

Ang mga kwento ni Che, TL Ann, Dex, Kaydee, Roxanne at iba pang pangalan na napapaloob dito sa libro ay isang patunay na hindi ligtas ang mga nasa Sunshine Industry sa bangis ng kapitalismo; kadalasan nga sila ang unang-unang biktima nito. Ang mga kwentong ito ay boses ng mga ahenteng nasa likod ng linya na sinisigawan tayong suriin ang lipunang tinatanggalan tayo ng karapatang magsalita.

—Rocelle Maningning H. Vilog (Nawaya at Kamandag Artist)

Binago ang mga pangalan para protektahan ang pagkakakilanlan ng mga indibidwal.

Para sa mga Bayaning puyat

IMORTAL

Mga kuwagong tahimik na hindi napapansin ng sanlibutan

Muling karamay sa tahimik na gabi ang tunog ng sirena, pait ng kape at boses ng mga pipi. Balutin man ng usok ang magdamag galing sa buga ng mga nagpapagal ay hindi pa rin sila mapapansin.

"Alas tres na, dalawang oras na lang uwian na."

O

P

S

YOUR FUTURE IS CALLING.
WE ARE NOW HIRING!
CUSTOMER SERVICE AND
SALES ASSOCIATES APPLY NOW!
RESUME

BILBORD

6AM, umalis ako ng bahay para maghanap ng trabaho. Tatlong taon at anim na buwan na rin mula noong kumuha ako ng kursong Marine Transpo. Ilang beses na ring pabalik-balik sa Makati, Kalaw, at Malate.

"Kailan kaya seswertihin," bulong ko.

Dungaw ko sa jeepney ang mga taong napilitang maglakad sa init ng araw. Sa bawat daraana'y kumakalabit ang mapanghing amoy galing sa kulay-rosas na urinal ng MMDA. Sa itaas ay nakabandera ang malaking billboard ng isang kumpanya **"Your Future is calling. We are now hiring! Customer Service and Sales Associates apply now."**

Sinilip ko ang dalang resume at inayos ang suot na polo. Huminga nang malalim at saka pumara.

HO3M

23 missed calls at 7 unread messages galing kay ermat. Dali akong tumawag kahit hindi pa nababasa ang inbox.

"Ma, bakit kayo natawag, may problema?"

"Anak ubos na 'yung perang pinadala mo. Kailan ka ba ulit magpapadala?"

"Ma, sa isang linggo pa ang sunod na suweldo. Umutang na lang po muna kayo."

"Hindi ka pa ba uuwi dito?"

"Sa susunod na buwan na lang po, Ma."

Isang buwan na akong hindi nauwi ng bahay. Mas tipid sa pamasahe kung dito sa opisina ako magpapahinga. Dito kumakain, dito naliligo at dito na rin natutulog. Hindi lang ako ang empleyadong gumagawa nito, marami kaming kagaya ko. Tawag nga sa ami'y borders. Mga empleyadong always on duty, palaging overtime. Walang pahinga. Ito ang aming tahanan. Ang apat na sulok ng building.

ARDI

Ilang buwan ko ring inipon ang perang pinambili ko ng bag na Gucci. Isusorpresa ko sa aking mahal na nanay. Tiyak na matutuwa siya sa kanyang kaarawan. Hindi niya mapapansin ang diperensiya. Malapit sa orihinal, class A nga sabi ng tindera.

Excited na akong makita ang mukha niyang nakangiti. Ito ang regalo ko sa kanyang 56th birthday sa darating na sabado. Makabawi man lang sa hirap ng pagpapaaral niya sa akin noong kolehiyo.

Sa aking likuran ay tinawag ako ng aking team leader. May hawak na papel at ballpen.

"Bagsak ang site at kailangan nating humabol,"

Nakasulat sa papel ang mandatory Rest day OT. Pirma na lang sa tabi ng aking pangalan ang kailangan.

UYLOBADITRA

"Wala pa rin?" tanong ko, nagbabakasakaling sagutin ni bakla ang telepono.

Umiling si Cindy at dinayal ulit ang numero.

"Bumuking lang yata 'yung malanding 'yun e," biro ni Che.

"Makati pa si higad," banat naman ni Cindy habang hinihintay ang boses ni Dex sa linya.

"Sa BPO, 3 consecutive absences ligwak ka na. Padadalhan ka ng return to work," sabat ni Roger.

"Tunay!" sang-ayon ni Cindy.

"Nakakatanga nga 'yan, dahil sa liham pinapabalik ka. Pinapabalik para sabihing sisipain ka. Kailangan mag-notify, kung may LBM, disminoriya o kung ano pang rason kung bakit ka absent na kadalasan ay pawang fiction," dugtong ni Roger.

"Wala pa rin?" tanong ko ulit kay Cindy.

"Wala e, nag-ri-ring pero hindi sumasagot."

Dinayal niya ulit ang numero.

ARTIDABOLYU

"Wala ba kayong balita kay Dex?" tanong ni TL habang nakapamewang. Tahimik ang lahat, walang sumasagot. Ito ang tugon na wala kaming balita kay bakla.

Tatlong araw nang hindi pumapasok si Dex sa opisina. Ilang araw na rin akong hindi nakakarinig ng mga malalaswang salita galing sa kanya. Kantot, titi, at puke, normal na usapan kapag si Dex ang kakuwentuhan.

Nang minsan nakasabay ko siyang magyosi, tinanong niya ako kung pwedeng makautang. Limang daan para sa ama niyang paralisado. Gagong bakla, hindi na nagparamdam, wala na yatang balak magbayad sa akin. Sa bagay, people come and go dito sa BPO. Bukas makalawa makikita mo sa kabilang building, nangibang bahay na pala.

Kinabukasan, may sobreng pinapaikot sa opisina. Nakalakip sa sobre ang sulat ng paghingi ng kontribusyon sa naiwang pamilya ni Dexter Luna.

Tumunog ang aking avaya, isang customer ang pumasok sa linya, "thank you for calling, how may I help you today?"

Ang avaya ay isang brand ng internet phone na ginagamit ng halos lahat ng BPO sa Pilipinas.

KAPE I

Alas quatro ng umaga, naghahanda papasok sa opisina. Ito ang oras ng labas ng mga babaeng nagtatrabaho sa bar at night club. Nakakasabay ko sa dyip ang iba sa kanila. Bagsak ang mga mata, nakalugay ang buhok at amoy alak ang kanilang mga hininga.

Papasok pa lang ako, pauwi na sila.

Magkaibang mundo, parehas sinasamantala.

KAPE II

Alas quatro ng umaga, naghahanda papasok sa opisina. Ito ang oras ng labas ng mga babaeng nagtratrabaho sa bar at night club. Nakakasabay ko sa dyip ang iba sa kanila. Bagsak ang mga mata, nakalugay ang buhok at amoy alak ang kanilang mga hininga.

Papasok pa lang ako, pauwi na sila. Ngumiti sa akin ang isa.

Ilang labi kaya ang humalik sa kanya? Ilang lalaki kaya ang nagpasasa sa katawan niya? Ilang beses niya kayang naisip na kumawala sa buhay na mayroon siya?

Ngumiti ako pabalik sa kanya.

Magkaibang mundo parehong puta.

O.M

"When my grandfather died, I just cried for 15 minutes and that's it. I'm okay."

"Gusto kong magmura sa inis," sumbong ng isang katrabaho. Nabigla siya sa narinig na simpatiya ng aming Operations Manager.

"Timpi ang aking kamao na baka lumabas ang pagka-ulol sa aking ulo. Nakatitig siya sa akin na parang nananampal. "What does he expect me to do? To choose work over my relatives?"

"Do we have a choice?" sagot ko sa kanya habang tintapik ang kanyang balikat.

"That's my fucking lolo men, he's like my father when my real father left me. Stupid company's policy!"

Bearevement leave, compassionate leave o funeral leave ay hindi sakop ng Labor Code of the Philippines o benipisyo ng isang manggagawa. Ito ay karapatang ibinibigay ng isang kompanya sa kanyang empleyado. The employer has the right to impose conditions on the entitlement.

ALIKABOK

Nag-text ako sa isang kaibigan noong college, kagaya ko rin siyang nasa BPO. Active siya noon sa pakikibaka, graduate ng PUP sa may Sta. Mesa. Magbabakasakali kasi ako kung may aktibong unyon ang mga call center agent.

"Wer u at? Kita tayo."
"Hir at starbucks. Okay, I'll wait 4 u."

Naalala ko bigla ang mga hiram na librong Marx at Engels na hindi ko pa naisasauli sa kanya. Nabalutan na nga yata ng alikabok at agiw sa aking kuwarto. Naninilaw ang mga pahina, malabo na ang mga nakasulat dito.

SIRENA

Tunog ng sirena ang bumati sa akin paglabas ng building. Dalawang lalaki na nakaputi ang may tulak-tulak na wheelchair. Nakaupo ang babaeng nasa edad fourty. May salpak na oxygen mask. Alas onse ng gabi.

"Kawawa," pabulong kong sabi. Kasama niya ang kanyang anak na lalaki, umiiyak ng mommy.

CLICK PAY

Umiyak si Anne pagkatapos naming makaubos ng isang bucket na redhorse. Hirap na kasi siya sa kanyang trabaho. Buti pa nga raw kami ay may overtime pay at holidays. Samantalang sila, OTY.

"Malaki naman ang sweldo mo TL," sabi ko habang sinasalukan ng alak ang aking baso.

"Hindi sapat 'yung sweldo ko sa trabahong ginagawa ko," sagot naman niya.

"Paano pa kami TL?" balik kong tanong sa kanya.

(OTY – Overtime Thank you – walang bayad)

MUTE

"Marcos is not a Hero." Recent facebook post ng isang colleague na gustong makisangkot. At dito nagsimula ang kwentuhan.

"Akala 'ata nila wala tayong pakialam sa isyung pang-bayan porque't nagtatrabaho tayo sa tawag nilang sunshine industry."

Kausap ko si Roger, isang kaibigan habang nakapila kami sa paborito niyang kapehan.

"Pinaganda lang 'yung tawag sa atin, kagaya ng modernong bayani na basbas ng gobyerno sa mga OFW," dagdag ko sa mga sinabi niya.

Um-order siya ng white chocolate mocha no whip with soy bago magsalita, "tang'na nila huwag nilang sabihing utang ko sa kanila ang kapeng 'to dahil pinaghirapan ko 'to."

Natawa ako habang tinitingnan ang presyo ng mga kapeng nakapaskil sa itaas. Um-order ako ng mura dahil sanay naman ako sa 3in1. Umupo kami sa labas para ituloy ang kwentuhan.

"Nakakatawa nga ang irony sa industriyang ito. Sa trabahong 'to boses ang puhunan pero sa reyalidad wala tayong boses," wika ko pagkatapos humigop ng kape.

"Nasa Special Economic Zone kasi ang industriyang ito. Bawal rito ang pagtatayo ng unyon o anumang asusasyon na nagpoprotekta sa karapatan natin. Kung mayroon man, hindi ka nila tatanggapin o 'di kaya'y sisipain."

"E di parang alipin tayo sa sarili nating bayan?"

"Noon pa naman, tol. Welcome to sweatshop!"

Bigla kong nalasahan ang pait ng kape na dumaan sa aking lalamunan.

NIGHTSHIFT

Halos apat na oras late si Cindy. Nakasalubong ko siya sa elevator na balisa at basa ng pawis.

"Okay ka lang?" tanong ko sa kanya. Hindi ako sanay makita siya sa ganoong itsura. Umiyak siyang bigla at hinawakan ang aking kamay. Napayakap ako sa kanya at nagtanong muli kung anong problema.

"Nadukutan ako, lahat ng pera ko nalimas. Pang-tuition ng anak ko 'yun, e."

Naalala ko ang petsa. Dalawang linggo pa bago ang susunod na sweldo.

BENTE QUATRO

Amoy ko ang bango ng niluluto ni Mama. Masaya ring nangangaroling ang mga bata sa labas ng bahay. Nakalapag din nang maayos ang mga regalo sa ilalalim ng Christmas tree.

"Maligayang pasko, Ma." Sabay yakap at halik sa kanyang pisngi.

"Hindi ka ba muna kakain?"

"Hindi na Ma, baka ma-late pa ako sa opisina."

Sa trabahong ito ay kailangan magsakripisyo. Tatlong pasko na akong hindi nakakasalo sa lamesa.

AWOL

Ilang gabi kong nakikita si Jessa na umiiyak. Ilang gabi ko na ring hindi nakikitang kasama ni Jessa ang kanyang boyfriend. Sabi nila ay buntis daw si Jessa at nahuli pa niyang may asawa si Glenn, boyfriend niya. Hindi naman na kasi ito pinapakailaman sa opisina. Kahit alam ng iba na hindi tama ang ginagawa ng dalawa ay pinagwawalang-bahala na lang nila.

Isang linggo na, hindi pa rin pumapasok si Jessa. Naiwan ang salamin, make up at tumbler niya sa mesa.

BLACK FRIDAY

November 25, 2016, Biyernes—ay isang importanteng araw para sa mga kabataan. Sa modernong panahon ay nakadaupang palad ng mga milenyal ang mga kabataan na nakipaglaban sa diktaduryang Marcos. Sa Luneta ay isinisigaw namin ang pagtutol sa pagpapalibing ni Duterte kay Marcos sa libingan ng mga bayani. Hawak ang slogan na may nakasulat na "Marcos is not a hero" ay naramdaman ko muli ang pagiging Filipino.

November 28, 2016, Lunes—"Bakit hindi ka pumasok noong biyernes?" ito ang bungad na tanong ng aking TL, wala akong maipakitang dokumento o sertipiko na dapat akong lumiban sa trabaho. Hindi naman valid sabihin kung para sa bayan.

Siguro nga, nagbago na nga ang panahon, hindi na mahalaga ang mga mahalaga noon. Sa modernong trabaho tulad ng BPO, nailibing na rin kasama ni Marcos ang ating pagka-filipino.

On Friday, November 18, thirty years after the revolution that ousted Marcos. The dictator Ferdinand Emmanuel Edralin Marcos Sr. had just been granted a hero's burial.

RENALIN

Pinagmamasdan ko ang cursor ng aking screen. Kumikindat-kindat. Hinihintay pumalo ng 3:30 ang orasan. Naka-ekis ang aking mga paa. Tinitiis na huwag lumabas kahit mintis.

"Okay ka lang ba?" tanong ng aking katabi.

Tumango akong pilit at tuloy na naghintay.

Ilang minuto pa ba?

Malaking porsiyento ng mga call center agent ang nagkakasakit sa kidney dahil sa pagpipigil ng ihi.

BETH

Ang daming tao sa labas na akala mo may shooting ng pelikula. Sumilip ako para maki-tsismis. May babaeng umiiyak. Narinig ko sa mga usyoso na nahuli ni ate ang kanyang asawa. May kasamang babae, magka-holding hands at sabay pumasok sa building na aming pinagtatrabahuan.

CAROL

"Uuwi na si James." Ito ang bungad ni Carol nang makita niya akong naninigarilyo sa parking area.

"O, anong gagawin ko?" sagot ko na nagtataka.

"Uuwi na 'yung asawa ko. Huwag na tayo magkita."

Nabigla ako sa aking narinig. Tinapon niya ang kanyang sigarilyo sa trash bin at umalis.

Hindi ko man lang nasabi ang gusto kong sabihin.

BAYRAL

Habang tinatapos ko ang sinusulat kong nobela ay isang video tag ang nag-notify sa aking cellphone. Viral video ng isang call center agent na nag-aamok sa loob ng dyip. Kaya pala naka-tag sa akin ay dahil kilala ko ang nasa video. Niregaluhan niya ako ng Desaparecidos ni Lualhati Bautista noong nakaraang pasko and a fan of Haruki Murakami.

JOB FAIR

Panahon ni Gloria, isang malaking job fair ang ginanap. Pinangako ng Presidente na 30,000 na tao ang makakahanap ng trabaho. At isa ako sa mga mapalad.

Sa kaliwa ko ay isang guro.
Sa kanan naman ay isang nurse.
Hindi ko natapos ang aking kurso.
Tatlong taon lang ako sa kolehiyo.
Pare-parehas lang kami ng sweldo.
Pare-parehas lang kami ng trabaho.

BANDAID

"Bakit ang isang graduate ng Nurse, HRM, Teacher, ay nakikipagsiksikan sa mundo ng BPO?" bungad na tanong ni Roger pagkatapos dumaan ng mga aplikante sa aming harapan.

"Kasi…" Hindi niya ako pinatapos, siya ang sumagot sa tanong niya, "dahil nakakaimbita ang malaking sweldo, at dito kahali-halina ang magandang benipisyo, pero kung susuriin may mali rito."

Gaya nang palagi naming huntahan, papasukan niya ng obserbasyon na ili-link sa lipunan at gobyerno. Kung magkakaroon ng Ancient Alien pinoy version, dapat si Roger ang maging host.

"Bandaid solution lang 'to ng gobyerno para masabing tumaas ang employment rate namin ngayong taon. Hindi 'ata tama tingnan na ang taong nag-aral kung paano manggamot at magturo ay nagpapaka-eksperto sa customer service. Nakakapanghinayang ang apat na taon o higit pa na pag-aaral ay magagamit sa pagsagot ng telepono. Kung may sapat na trabaho lang sanang maiaalok ang gobyerno na naka-align sa kursong tinapos at maayos na suweldo ay sana mas productive tayo, e 'di sana nasa hospital ako ngayon," sambit niya na may panghihinayang.

"Okay lang, basta may trabaho, hindi naman ako graduate ng BS course," sagot ko.

"Sus, 'wag natin lokohin ang isa't isa, wala tayong choice, wala namang nangarap na gusto ko paglaki ay maging call center."

Ngumiti ako, hindi dahil sa sampal ng kanyang mga sinabi kundi biglang naalala ang pangarap na maging titser.

PIÑA

"Hindi pa ako makapag-clearance tol, hindi ko pa natatanggap ang aking RTW."

Ito ang sagot ni Peng nang tanungin ko kung kumusta na. Hindi naman nag-awol si Peng kundi nagkasakit. Dala niya ang kanyang medcert na pruweba kung bakit apat na araw siyang hindi nakapasok. Hindi ito pinansin ng HR dahil naipadala na nila ang RTW. Dalawang linggo na pero hindi niya pa rin ito natatanggap. Hindi pa niya nakukuha ang kanyang huling sweldo.

"Subukan mong ilapit sa DOLE," kako.

Tumawa lang siya bago sumindi ng sigarilyo.

SI KAYDEE

"Have you received your health card?" bungad na tanong ng aming boss. Lahat ay sumagot ng "Yes" na may ngiting abot tainga. Bukod kasi sa wide coverage ng health provider ng kumpanya ay libre ang isang dependent sa benepisyong hindi lalagpas ng 100k per year.

"Pwede na tayong magkasakit," biro ng aming kasama.

Naalala ko tuloy bigla ang isang kaibigan na-diagnose ng CKD.

Ubos na ang benepisyo sa kanyang card.

Wala na rin siya sa kumpanya.

Nakahiga pa rin siya sa kama.

CKD - Chronic Kidney Disease. Prone sickness ng mga call center.

SERTIPIKO

Certificate of recognition is given to Roxanne Wagan. For being the Top agent for the year 2016.

Binasa kong parang bionote ang sertipikong nakasabit sa kuwarto ni Roxanne. Katabi nito ang litratong kuha sa nakaraang year end party na ginanap sa Crowne Plaza Manila.

"Kaya mo 'yan, Rox," encourage ng isa naming katrabaho.

"Oo nga, kaya mo 'yan," sunod naman ng isa.

Iyak pa rin nang iyak si Roxanne. Bukod kasi sa sakit niya sa bato ay pinayuhan siya ng kanyang doktor na umuwi ng bahay at doon na lang magpahinga.

Pumasok ang kanyang ina sa kuwarto dala ang sandwich at juice.

Nakatitig pa rin ako sa mga sertipiko't medalyang nakasabit sa dingding.

At tuloy pa rin ang pag-iyak ni Roxanne.

INIS'YAL

Pumara sa mausok at maduming bituka ng Maynila. Nanlilimahid ang usok na kumakapit sa aking puting polo. Kumakalabit ang mapanghing amoy galing sa kulay rosas na urinal ng MMDA. Sa kabilang kalsada ay kapansin-pansin ang grupo ng mga raliyista, "Ibagsak ang elitista!" sigaw nila bilang protesta.

Sa aking kinatatayuan ay bumungad ang isang lalaki, "kuya, apply ka?" tanong nito. "Call center kuya, apply ka?" dugtong niyang sabi.

Umiling ako at pumasok sa loob ng isang building. Inabot ko ang aking resume kasama ang endorsement letter galing sa aking training agency. Bayad sila ni Gloria para sanayin kaming ayusin ang aming accent, grammar at pagsagot sa interbyu. Dalawang linggong programa na may kasamang allowance. Dalawang libo kada tao.

"We want Gloria Out!" sigaw mula sa labas.

"Seek the truth fight corruption," dinig ko mula sa aking kinauupuan.

Kahit makapal ang salamin na nakapalibot dito, ay dinig pa rin ang pagtitipon sa labas.

"Ang ingay naman," sabi ng katabi kong aplikante.

"Hindi na lang kasi magsipag-hanap ng trabaho," sabi ng isa.

"Mga pabigat 'yan," sabi ng isa pa.

Kinuha ko sa loob ng aking bag ang dala kong MP3. Sinaksak ang headset sa aking tainga at nilakasan ang volume.

artipisyal

isang huwad na mundo

nagbibingi-bingihan at nagbubulag-bulagan.

DROP

"Nag-aral ka pa kung sa call center ka lang naman pala babagsak." Ito ang bungad ni tatay nang malaman niyang nakapasok ako sa BPO.

"'Tay, mahirap na kasi maghanap ng trabaho ngayon. Pansamantala lang naman."

"'Yung anak ni Fernando nakapasok na sa Magsaysay. May barko na, aalis na sa susunod na buwan. Nauna ka pang grumadweyt do'n, ha?"

"Mahirap nga pong maghanap ng trabaho ngayon, 'tay."

"Bakit nga 'yung anak ni Fernando!"

"Mahirap nga po, 'tay!"

Tumalikod ako at lumabas ng bahay. Binagsak ko nang malakas ang luma naming pinto. Naglakad ako papunta sa malapit na tindahan at bumili ng sigarilyo.

Hithit. Buga. Hithit. Buga.

Pagkatapos ng isa ay sumindi pa ako ng isa.

Tapos ay isa pa.

At isa pa.

Galit ako sa aking sarili. Dahil hindi ko masabi kina nanay at tatay na hindi pa ako nakagradweyt. Maraming major subject ang hindi ko naipasa. Ito ang dahilan kung bakit ako nahihirapang makapasok sa mga manning agency.

BROWN

Ilang araw ko nang napapansin si Che na may hawak-hawak na libro sa kanyang station. Lumapit ako at nagtanong, "ano'ng binabasa mo?"

"Ito? Wala, libro ni Lualhati Bautista," sagot niya.

"Lualhati? Sino 'yun, artista?" sagot ko habang tinitingnan ang itim na libro.

"Hindi tangek, sure ka, 'di mo kilala?" tanong ni Che habang nakakunot ang mukha.

"Never heard, 'di ko s'ya kilala," sagot ko habang pinagmamasdan ang itim na libro.

May guhit na barko at eroplanong pandigma ang harap ng libro. Sa baba naman ay mga beerhouse at iba't ibang aliwan. Binasa ko nang dahan-dahan, "Gapô, at isang puting Pilipino sa mundo ng mga Amerikanong kulay bro..." Napatigil ako nang marinig ang boses ni O.M, "EOP please!"

Ngumiti si Che at nilapit ang hintuturo sa kanyang labi, "shhhhh… ang ingay mo kasi."

Biglang tumunog ang kanyang Avaya. May pumasok na tawag sa kanyang linya.

MAHAL KITA

"Nakatutok ka na naman diyan, tol."

"Hinahanap ka ng girlfriend mo. Hindi ka naman daw pumasok."

"Kung ako sa'yo tol, hiwalayan mo na. Nakakasira talaga ng DOTA ang mga babae."

Tawanan, murahan at payabangan ang alingawngaw sa loob ng computer shop. Hanggang isang malakas na batok at mura ang nagpatigil sa akin sa paglalaro.

"Tang'na mo nandito ka na naman. Hindi ka na naman pumasok." Sigawan at tuksuhan na parang palengke ang naging eksena sa loob.

"Huwag kang mag-alala wala namang kwenta yung prof namin. Special project lang 'yun."

"Hindi na talaga kita kayang sakyan." Sabay alis ni Carol sa kanyang kinatatayuan.

Katulad nang palagi kong ginagawa ay hinahabol ko siya. Hahawakan ang kanyang kamay, aakbayan at hahalikan ang kanyang mapupulang labi. Aamuhin na parang pusang mailap.

"Gusto lang naman kitang tulungan. Kaya kang ipasok ni Dad sa barko kapag nakagradweyt ka. Gusto kong maayos kitang ihaharap sa kanila."

"'Yun din naman ang gusto ko." Sabay kurot sa kanyang pisngi.

At katulad nang palagi naming ginagawa, diretso kami sa kuwartong walang kusina.

LORAC

Tuwing umiinom ng alak ay naalala ko ang mga gabing langoako sa espiritu ng pulang kabayo. Mapait ko pa ring naaalala ang sakit nang iwan ako ni Carol. Siya ang unang nakaalam na hindi ako kasama sa magmamartsa.

"Ang simple na lang ng kurso mo hindi mo pa kayang ipasa?"

Hindi ako sumagot. Hindi ako nagsalita.

"Sa tatlong taong relasyon natin ni isang beses ba pinakinggan mo ako?" pagpapatuloy niya.

"Ni isang beses ba sinunod mo ako?"

"Iniintindi mo lang 'yang pagkalalaki mo. Hindi mo iniisip 'yung tayo."

"Sarili mo lang ang iniisip mo."

"Ayoko na! Ayaw na kitang makita. Maghiwalay na tayo."

Nabigla ako sa aking narinig.

Hindi ko man lang nasabi ang gusto kong sabihin.

AMOY

Cavite to Ortigas. Ortigas to Cavite. Cavite to Ortigas. Ortigas to Cavite.

Ito ang palagi kong ruta papasok ng opisina. Tila isang Amazing Race ang aking araw-araw na karanasan.

5:00 PM – Gising na ako para maghanda ng pagkaing babaunin sa trabaho. Maliligo na rin at magbibihis.

6:30 PM - Dapat nakaalis na ako ng bahay. Maglalakad ako hanggang sa kanto ng sakayan papuntang Baclaran.

7:00 PM – Sa oras na 'to ay dapat nasa daan na ako. Kung hindi dyip e, dapat van pero mas madalas ay van. Dahil mas mabilis ang byahe at walang hintuan kung van.

7:40 PM - 8:00 PM – Kung walang masamang hangin at elemento ang mangyayari ay dapat nasa Metro Point na ako sa ganitong oras. Nakikipagbalyahan, nakikipagpatayan, nakikipagsiksikan sa matao at amoy tao na MRT. Halo-halong amoy mula sa Calvin Klein, Hugo, Lacoste, Victoria Secret, Clinique Happy, Prescripto, Bench Atlantis, Baby Cologne, Downy, sabon panlaba at singaw mula sa mga hininga at kilikili ng mga construction worker, trabahante ng isang mall at empleyado ng fastfood chain. Sama-sama sa maliit at mainit na bagon. Ganitong eksena rin ang aking danas tuwing umaga. Walang pinagbago. Paikot-ikot. Limang araw kada linggo. Tila isang kanta sa radyo na paulit-ulit pinatutugtog.

Paulit-ulit.

Paikot-ikot.

IGSOON

Tuwing umaga ay may kakatok sa pintuan para mag-deliver ng diyaryo. Dahil hindi marunong si tatay mag-internet, sa dyaryo at TV siya nakikibalita.

"Beng, nandiyan na 'ata ang diyaryo. Pakilagay sa lamesa," utos ni itay sa aking kapatid.

"'Tay papasok na po ako." Tinitingan niya ako habang inaayos ang kanyang libro. Nangungusap ang kanyang mata na ako na ang mag-abot ng diyaryo sa aming ama.

Kumukuha siya ng Nursing sa isang state university sa Cavite. Siya ang mapalad sa aming dalawa. Walang problema sa kanya sina nanay at tatay. Hindi siya sakit sa ulo ng pamilya.

Kinuha ko ang dyaryo at nilapag sa lamesa.

Bumunot ako ng dalawang daan sa aking bulsa.

"Pamasahe mo."

"Salamat, kuya."

Hinalikan niya ako sa pisngi bago lumabas ng pinto.

ABS

One time, naipit kami sa trapik. Sabi niya, ang trapik daw ay art. Kung gusto mong maging epektibong manunulat, kailangan maranasan mong ma-stuck sa trapik. Mahilig lang yata si Che sa metaphor kaya lahat na lang sa kanya ay may dahilan. Sa halos limang buwan naming magkakilala, siguro, masasabi kong ang relasyon naming dalawa ay abstract.

Abstract, hindi mo maintindihan pero masarap titigan.

Tama, masarap titigan, masarap titigan, parang siya.

WVEM8

Bulag k b? Butch aq.
Sender: Wavemate Che

Ito ang huling text sa akin ni Che bago ako matulog. Kasama ko siya sa trabaho. Hindi ko maipaliwanag. Gusto ko si Che. Si Che ang unang taong naging kaibigan ko sa BPO. Nakasabay ko siya sa interbyu. Parehas kaming aplikante. Undergrad si Che ng Business ad at kagaya ko, unang apply n'ya sa BPO.

Sariwa pa sa alaala ang kanyang unang ngiti. Suot niya ang blue checkered na polo, naka one side ang kanyang buhok at matangkad sa akin nang kaunti.

Pilit niyang tinatago ang matabang dibdib sa suot niyang white shirt na panloob. Hindi ko alam kung asiwa si Che sa katawang binigay sa kanya o wala pang taong nakaka-appreciate kung sino siya.

Alas dose, natapos ang application process. Parehas kaming binigyan ng maliit na papel na may nakasulat na Pass. Nakangiti kaming dalawa na parang nanalo sa lotto. Habang naglalakad palabas ng building ay hiningi niya ang aking number. Binigay ko naman sa kanya.

"Gusto mo sabay na tayong kumuha ng NBI at TIN bukas?" tanong niya habang tinitipa ang numero sa kanyang cellphone.

Tumungo ako at nagpaalam. Sumakay siya ng taxi at ako naman ay sumakay ng dyip.

Hindi pa nakakalayo ang aking sinasakyan ay tumunog ang aking cellphone. Isang text message. Pinindot ko ang Inbox, tapos Select then Read.

Si Che 2 congrts sa a10 dlawa. C u 2morow.
Sender: +639174896010

ECHO

Bukod sa kanyang suot na blue polo na pinatungan ng itim na cardigan at maikling buhok na kulay auburn brown ay hindi ko na maalala ang pangalan ng aking interviewer.

"Tell me something about yourself."

"I like music. I write songs. I also like to write poems and short stories."

Nakatitig ang interviewer sa aking resume na wari'y binabasa ang mga impormasyon tungkol sa 'kin. Kunwari ay sinisilip ang aking dating trabaho, edukasyon at mga karanasan. Umaarteng interesado sa aking mga kwento.

"Interviewers are not interested about yourself. They care about your grammar and accent… so fake it till you make it." Advised ng aking trainer bago niya ako i-schedule ng interview.

"Where do you see yourself in 5 years?" sunod na tanong ng interviewer.

Hindi ako makapagsalita. Dinig ko ang tunog ng relos na nakasabit sa dingding. Kilo-kilometrong milya ng alaala ang kailangan kong daanan masagot lang ang tanong. Alaala ng mga tagpi-tagping istorya ng aking kabuuan. Masyadong mahaba ang limang taon. Maraming pwedeng mangyari. Sumagot ako, "I don't know. Anything can happen within 5 years. All I want for now is to get a job."

Tumingin siya sa akin at sinilip muli ang aking resume bago magsalita "Please wait outside and wait for your name to be called."

Tumayo ako at binuksan ang pinto. Sa aking paglabas ay patuloy na pumapailanlang ang tanong sa aking kaibuturan.

Limang taon. Limang taon. Ano kaya ang mangyayari sa akin sa loob ng limang taon?

SILA

"Pasensiya na nga pala sa text ko kagabi."

Hindi ko alam kung naririnig ba ako ni Che o sadyang maingay lang talaga ang tunog ng paparating na tren.

"Sorry na, bati na tayo."

Hindi pa rin niya ako pinapansin. Dahil siguro sa mga pabugso-bugsong dating ng mga tao sa loob ng MRT.

"Hindi mo ako kinakausap nang maayos. Hindi ko alam kung anong mali!"

Hinawakan ko ang kanyang kamay bago muling magsalita "Masama bang sabihing gusto kita, na may nararamdaman ako sa'yo."

Tinitigan niya akong basa ang mga mata. Hindi alintana ang komosyon na nangyayari sa aming paligid.

"Akala ko, 'yung nararamdaman ko tuwing kasama kita, tuwing kumakain tayo sa labas tuwing magkatabi tayo ng station, tuwing nanood tayo ng sine, tuwing kinukwento mo kung gaano mo kapaborito ang bandang Coldplay… akala ko yung mga nararamdam ko ay parehas nating nararamdaman."

Hindi pa rin siya sumasagot. Wala akong narinig na salita sa kanya bagkus ay mga sigaw na galing sa gitna ng kumpol na mga komyuter "Pakawalan niyo po ako! Hindi po ako ang may gawa!" Isang lalaki ang pinosasan ng mga pulis. Dahil ito sa "MRT bulok" na naka-vandal sa loob ng tren.

At ako, naiwang nakatayo at pinagmamasdan si Che habang sumasara ang pinto ng tren.

SHUFFLE

Magkakaroon daw muli ng reshuffle. Ito ang balita na kumakalat sa floor. Kinakabahan ang iilan dahil may iniiwasan. Lalo na 'yung mga ahenteng nasa malambot na unan.

"Ayokong mapunta kay TL Alex tsk, mahigpit 'yun," sambit ni Cindy.

"Hay naku 'te basta ako, okay na ako kay TL Anne. Magkamatayan na kung ililipat ako ng team," sagot naman ni Dex.

"Ikaw? Saan mo gustong mapunta?" tanong ni Cindy.

Hindi ako sumagot. Malinaw sa akin ang boses ni Cindy. Hindi rin ako nagbibingi-bingihan. Wala akong ganang ibuka ang aking bibig. Iniisip ko si Che, hindi siya pumasok ngayong shift.

"Hoy 'te, saan mo gusto mapunta?" si Dex habang winasiwas ang kanyang kamay sa aking mukha.

"Kahit saan…" pahayag ko habang nakatitig sa home tv shopping na palabas sa tv.

"Kahit saan?" si Dex na medyo imbyerna sa sagot ko.

"Hindi naman siguro importante kung saan tayo mapunta. Wala naman talagang permanente sa mundo lalo na sa BPO."

Patuloy ang palabas na home tv shopping sa loob ng pantry. Pinapakita ng babae ang Miracle Blade na kayang humiwa ng karne, prutas, gulay at bato.

BUKA

Naalala ko nang minsan nagpa-medical ako sa Hi-precision. Tinawag 'yung pangalan ko at kinumusta agad ng doktor.

"Hi! How are you?"

"Okay lang po ako, doktora."

"That's good. Sige magtimbang ka na muna."

"Okay po."

"OMG parehas tayo ng birthday. Hindi mo ba alam sa dami ng pasyente ko ngayon lang ako naka-encounter ng kaparehas ko ng birthday."

"Talaga po? Ka-birthday din po natin si Ruby Rodriguez."

"Really? Wow, I didn't know that. Sige hijo, hubarin mo na 'yung shorts and brief mo. Then talikod ka at yumuko ka nang kaunti."

"Okay po. Totoo po 'yung ka-birthdate po natin siya."

"Wow! That's nice. Sige hijo, ibuka mo yung puwet mo at ubo."

"(*ubo *ubo)"

"Ibuka mo pa, hijo."

"Okay po, hmmmmm."

"Good, okay na hijo, magbihis ka na."

"Nakakatuwa naman po doc, na magkaparehas tayo ng kaarawan."

"Yes, nice meeting you."

"Thank you rin po, doc. Goodbye!"

Paglabas ng pinto, bigla akong napaisip. Naghubad at tumawad ako sa harapan niya, ako pa ang nagpasalamat.

CHEAP

"Hindi naman ganoon kalaki ang sweldo sa BPO kung ikukumpara sa mga BPO ng ibang bansa," paliwanag ni Roger pagkatapos kong hindi tanggapin ang alok niyang trabaho sa Singapore, "kaya nagsulputan ang mga malalaking BPO companies dito ay dahil mura nila tayong napapasweldo. Ilang porsiyento lamang sa BPO ang tumatanggap ng malaki-TL, OM at SM pero mababa pa rin kesa sa iba," tuloy niya.

"Hindi pa siguro ako handa tol, dito na muna ako."

"Bahala ka, desisyon mo 'yan. Nga pala, sa Miyerkules na ang flight ko, ipaalam mo na lang ako sa iba."

"Sige tol, Ingat ka, enjoy!"

"Hindi ako magiging masaya do'n, magiging alipin pa rin ako, ang pinag-kaiba lang ay hindi sa sariling bayan."

MAMI

Naging hobby ko na yata ang tumambay sa pantry. Nanonood ng tv, nakiki-charge ng cellphone at sinisilip kung may masarap na pagkain. Marami rin akong nakikilala gaya ni Mami.

"Kain tayo..." paanyaya ng matandang babae habang nilalapag sa lamesa ang berdeng tupperware. Makapal ang suot niyang antipara at hindi maitatago ng kulay kalawang niyang buhok ang kanyang uban.

"Sige lang po," ngumiti ako at tuloy sa pag-scroll up sa aking cellphone, binabasa ang ilang post sa facebook.

"Bagong wave ka?" tanong ng babae.

"Opo," sagot ko.

"Unang BPO mo?" tanong ulit niya.

"Opo, unang BPO ko."

"Virgin ka pa, don't worry, madali lang sa'yo ang trabahong 'to dahil bata ka pa," sambit niya habang binubuksan ang berdeng tupperware na may lamang kanin at tatlong pirasong tocino.

Kinuwento ni Mami Tessy ang buhay niya bilang manager ng bangko at kung bakit siya napadpad sa BPO.

"'Yun nga after 4 years pagkatapos kong magretiro ay na-diagnosed ang asawa ko ng lung cancer at nabaon kami sa utang."

Bumalik siya sa trabaho at itong BPO nga ang tumanggap sa kanya.

"Ito lang naman ang tumatanggap ng senior citizen," biro niya.

Pinakita niya ang litrato ng kanyang anak na babae sa kanyang cellphone, "ito ang anak ko, siguro matanda lang sa'yo ng tatlong taon, call center din 'yan." Inilipat niya ang litrato at pinakita ang kanyang asawa, "ito siya, yung love of my life ko. Medyo payat na siya rito pero dati heartthrob yan. Walang panama 'yung mga bagong artista ngayon."

"Sana po gumaling na 'yung asawa n'yo," sabi ko na may pag-aalala.

"Sana magdilang anghel ka, kaso dalawang taon na siyang wala. Well, ganyan talaga ang life parang trabaho natin, kahit mahirap kakayanin."

Tumayo siya sa lamesa at nagpaalam. Kailangan na niyang bumalik at mag-log in. Tinapik niya ako sa balikat, "o siya, balik na ako baka biruin mo pa akong walang forever."

Ngumiti ako at nagpasalamat.

DADI

Habang nasa MRT, nakatayo at naghihintay magkapwesto ay naisipan kong magtanong kay daddy kung ano ang dati niyang trabaho. "Titser," sagot nito na halatang pagod na rin dahil sa ilang araw na queuing. Nagtanong muli ako kung bakit niya pinasok ang pagiging call center. Wala raw kasing choice, ito lang ang malaking magpasweldo at maganda ang health benefits. Hindi naman niya talaga balak pumasok sa BPO, sumpa pa nga raw niya dati na hinding-hindi papasok dito kahit ano'ng mangyari. Nilunok niya lang din ang pride, nakita na lang niya ang sarili na sumasagot ng telepono, "ang galing, 'no? Nag-masteral pa ako para sumagot sa mga concern kung paano mag-open ng brand new na cellphone," biro niya habang pinupunasan ng panyo ang pawisan niyang mukha, "grabe ang tren na 'to, sardinas na nga tayo, ang hina pa ng buga ng aircon," pagpapatuloy niya.

Ngumisi ako, "wala naman pong bago."

"Ikaw?" tanong niya habang binubuksan ang butones ng kanyang polo.

"Seaman po, kaso... hindi nakapasa sa US Visa, biyahe na ako ng Carribean kaso naunsyami dahil kulang sa experience, 1 year lang experience ko sa Jollibee tapos undergraduate pa. Tagapunas lang sa kusina ang inaplayan ko," sagot ko.

Tumunog ang speaker at nagsalita ang isang lalaki. Kulob ang boses, malalim na tila galing impiyerno, "PAKIUSAP PO SA LAHAT NG PASAHERO. ANG LAHAT PO AY KAILANGANG BUMABA."

Isang annoucement. Aberya, huminto ang tren sa pagitan ng Guadalupe at Boni. Bumaba kami ni daddy at naglakad gaya ng ibang pasahero.

"Mukhang marami po tayong pagkukwentuhan," wika ko.

Queuing - tawag kapag sunod-sunod ang pasok ng call. Parang si Curacha, walang pahinga.
Mami/Dadi - Madalas itawag sa mga ahenteng oldies.

PILLAR

"Seaman ka pala?"

"Hindi, 'yung kurso lang. Undergrad."

"Undergrad din ako ng HRM. Hindi ko tinuloy, ang laki kasi ng kita dito sa BPO, e."

Siya si Sir. James, isang trainer, 35 taong gulang, hiwalay sa asawa. May tatlong anak, dalawa sa kanyang dating asawa at isa sa kanyang ka--live-in partner na malapit nang manganak.

Isa siya sa mga pioneer na nagsimula ng industriya taong 2007. Hirap pa siyang bumiyahe noon dahil malimit ang taxi sa lugar nila. Wala ring mga establishments na bukas 24 hours.

"Maswerte ka kung makakapasok ka sa industriyang ito. Ito ang future ng Pilipinas, maraming pipila sa trabahong ito sa susunod na tatlo o apat na taon. Ito nga ang focus ni Gloria ngayon, pansalba niya sa Hello Garci. Ingat ka lang dahil uso rin ang mga sakit dito lalo na ang HIV," sabay ngiti.

"Naku, hindi naman po ako chickboy gaya niyo," sagot ko.

"Makakati ang mga tao dito, kahit may asawa magpapakamot sa'yo. Ang dami kong naging babae, 'yung iba asawa ng OFW. Huminto na rin ako, mahirap na. Ikaw bata pa, practice safe sex," paglalahad nito habang inaayos ang aking resume at schedule para sa aking job interview.

"Are you not going to study anymore?" tanong niya habang iniaabot ang aking resume na may nakadikit na endorsement letter.

"Hindi ko pa po alam, sir, e."

"Okay, just do your best. This is the future. Good luck!"

Tumayo siya sa kanyang upuan at nakipagkamay.

In a recent report, the Philippine General Hospital said the number of Filipinos infected with HIV rose dramatically in the past 10 months and now includes young urban professionals such as call center agents. HIV is the virus that causes AIDS.

- Data from 2010

SENGLOT

Hindi na bago sa akin ang umuwi ng lasing. Simula nang maghiwalay kami ni Carol ay naging mas madalas na ito mangyari.

Maingat kong binubuksan ang pintuan. Iniiwasan ang mga kaluskos at tunog ng mga nagbabadyang ingay. Binuksan ko ang ilaw at bumungad sa akin si ermat na nakaupo sa sala.

"Ma, hindi ka pa ba natutulog? Baka mapuyat ka niyan."

"Hindi ba dapat ikaw ang tanungin ko niyan?"

"Birthday kasi ng tropa ko Ma, kaya nagkayayaan."

"Palagi na lang birthday ng kaibigan mo, hindi ba matatapos ang kaarawan niya?"

"Hindi kasi Ma, iba naman ito, e."

"Hirap na kami ng Papa mo sa pagpapa-aral sa'yo. Sa ginagawa mo ay parang hindi mo iniisip ang hirap naming dalawa."

"Hindi naman sa ganun, Ma."

Tumunog ang alarm clock, alas singko na pala ng umaga.

PATAK

“Hindi mo ba talaga ako kayang patawarin Carol?”

Ito ang huling tanong ko sa kanya. Isang pagmamakaawa nang sabihin niyang ayaw na niya. Alam ko ang mali ko. Hindi ko sineryoso ang aking pag-aaral. Alam ko ang gusto niya para sa akin. Gusto lang niya akong maging maayos. Ngunit binigo ko siya. Hindi lang siya kundi pati sina erpat at ermat.

“Hindi mo alam kung ano’ng ginawa ko! Kinausap ko ang dean mo maisama ka lang sa martsa!” pasigaw niyang sabi habang tinuturo ang aking dibdib.

“Pwede naman ako kumuha ng summer class at grumadweyt next year e,” sagot kong mahinahon.

“Oo, kunin mo dahil wala kang naipasang ni isang major subject ngayong taon. Gusto ko lang naman ay maiayos ka dahil mahal kita. Dahil gusto kong makasama ka habang buhay. Tayong dalawa…hawak kamay sa future.” Hindi na napigilan ni Carol bumagsak ang luhang kanina pa nangingilid sa kanyang mga mata. Hindi ko na rin napigilan ang akin sa pagpatak.

Hiyang-hiya ako sa aking sarili. Nawalan ako ng lakas para magpatuloy. Nawalan ako ng tapang. Nawalan ako ng isang malaking parte sa aking buhay.

“Hindi kita kayang patawarin. Kung talagang mahal mo ako ay magsumikap ka.” Tumalikod si Carol at tuluyan akong iniwan. Sa kanyang paglisan ay naisama na rin niyang tuluyan ang aking sarili.

mga karanasan
alaala
litrato
at mga letra
ay parang hangin na dumadaan
humahalik
yumayakap
sa
aking
buong
katawan.

HOKBU

Nakaupo siya sa sulok at hawak ang kanyang cellphone. Hindi ko siya agad napansin pagpasok ng restaurant. Umupo ako sa kanyang harapan at tinitigan siya. Hindi ko alam ang dahilan bakit gusto niyang makipagkita.

"Anong masasabi mo sa bago kong itsura?" tanong niya.

"Hindi bagay sa'yo ang kalbo," sagot ko.

Ngumiti siya at muling nagsalita, "napaka--sexist mo naman para sabihin sa akin 'yan. Kailangan bang mahaba o may buhok dapat ang mga babae?"

"Sinabi ko lang na hindi bagay sa'yo ang kalbo ay sexist na. Ikaw na rin ang nagsabi, di' ba, butch ka."

"Um-oder ka na nga," sagot niya pagkatapos iabot ang menu.

Habang iniisa-isang tinitingnan ang mga nakalistang pagkain sa menu ay muling nagsalita si Che, "Anong sabi sa opisina?"

"Nagtataka sila, dalawang araw ka na kasing hindi napasok. Mabuti na lang at tinawagan mo si TL at hindi ako naniniwalang may sakit ka."

"May sakit ako tanga," pagtatanggol niya.

"Bakit nga hindi ka pumasok?" tanong ko.

"Dahil sa'yo."

Natahimik ako at ang buong paligid. Hindi ko mahanap ang salitang dapat sabihin.

"Hindi ko kasi kayang aminin ang nararamdaman ko sa'yo. Hindi ko pa ito naramdaman sa iba, sa'yo pa lang. Ngayong wala na akong buhok, mamahalin mo pa rin ba ako at tatanggapin?"

Isang himala na marinig ito sa kanya. Hindi ko maiwasang matuwa.

Palagi kaming magkasama, kung saan siya napunta ay sinasamahan ko siya. Kahit nakakatulog na ako sa kakahintay sa kanya ay hindi ko magawang iwanan siya. Kahit alam kong walang pag-asa na maging kami ay hindi ako bumitiw sa pagkakakapit sa kanya. Hindi ko kailanman tinuring si Che na isang tomboy. Babae ang buong tingin ko sa pagkatao niya at marahil ito ang naging dahilan para mahalin ko siya. Walang salita ang kayang pagkasyahin nang aking nadarama. Tinitigan kong maigi ang kanyang mukha. Ngayon ko lang napansin ang mga peklat malapit sa kanyang mata, marahil ay bakas ng bulutong nang kanyang kabataan. Pansin ko rin ang mga tagiyawat na tumutubo sa noo niya at mga linya sa kanyang pisngi. Ang kanyang mapulang labi, ang makapal niyang kilay, ang kanyang hindi kantangusang ilong, ang kanyang pilikmata, ang buhok niyang parang pinagtripan ng barbero at ang buo niyang mukha na hindi pa 'ata nasasayaran ng makeup.

Nilapit ko ang aking kamay sa kamay niya. Hinawakan ko ito nang mahigpit. Sa pagkakataong ito ay nahanap ko muli ang aking sarili.

12:00 AM

Nakatitig ako sa kanyang mukha habang tinuturo niya ang makukulay na palamuting nakasaboy sa madilim na kalangitan. Ang lahat ay tumatalon sa saya, sumasabay sa tugtog ng mga banda. Ang iba nama'y nahiyaw habang hawak ang bote ng serbesa.

Hawak ko ang kanyang kamay at inaalala kung paano kami nagkakilala. Parang kailan lang, ngayon ay kaya na niyang ipitin ang kanyang buhok at may kaunting kulay na rin ang kanyang mukha. Mapula pa rin ang kanyang labi kahit hindi siya nag-lipstick. Isang panaginip na naging reyalidad.

"Hindi ka ba nalulungkot na hindi mo kasama ang iyong pamilya?" tanong ko sa kanya.

"Malungkot, ito ang unang beses na hindi ko sila kasama ngayong bagong taon," tumitig siya sa akin bago muling nagsalita, "masaya rin ako dahil kasama kita."

"Gano'n din ako," sambit ko sa mahinang boses.

Nakatayo kami sa bintana ng kumpanyang aming pinagtatrabahuan. Nililibang ang mga mata't tainga. Kasabay nang malalakas na putok sa labas ay tunog nang pilantik ng mga daliri sa keyboard.

EOP-TRY

Kung hindi libro ang hawak ni Che ay lapis at papel. Mahilig siyang magsulat at magbasa. Mayroon siyang notebook kung saan nakalagay ang mga tulang isinulat niya sa kanyang mga naging girlfriend.

"Magaling daw manligaw ang mga tomboy, totoo ba?" tanong ko sa kanya habang nakaupo siya at nagsusulat sa malambot na sofa.

"Totoo 'yan, kung naging karibal kita noon, tsk…wala ka na," usal nito nang nakangisi na tila tambay sa kanto.

Tumawa ako nang malakas bago magsalita, "magaling nga kayo manligaw pero mga obsess naman. Hirap nga daw kumalas kapag kayo ang karelasyon."

"Tangek, protective lang kami kasi mahal namin," sagot niya.

Binago ko ang usapan, "kailan mo nalaman na mahal mo pala ako?"

Binato niya ako ng unan, "ano bang tanong yan, hindi ko sasagutin."

"Sige na, gusto kong malaman," pilit ko habang papalapit sa kanya.

"Hindi ko alam ang eksaktong araw kung kailan, pero sigurado ako sa aking nararamdaman nang pumayag akong maging tayo," pahayag niya.

Your eyes are enigmatic
like fumes at night
waving through the stream
of melancholy.
Deep.
Inviting.
Addicting.

Isa sa mga tulang sinulat ni Che. Isa sa mga tulang naisulat niya para sa kanyang ex.

"Kailan mo kaya ako gagawan ng tula?" tanong ko sa kanya na may paglalambing. Hinawakan ko ang kanyang kamay at naghintay ng sagot. Tumayo siya sa aking harapan, "Poetry is deep… sabi nga ni Bob Dylan—A poem is a naked person," hinubad niya ang kanyang damit at tumitig nang malalim.

Totoo nga, masarap magmahal ang mga tomboy.

The day you were born is the day of my existence.
—reason

USAD

Huling araw na namin magkasamang dalawa. Inilipat kasi ako ng 7pm schedule at siya naman ay 9pm.

"Hindi na kita masusundo bukas," usal ko sa kanya habang nakaupo sa bus.

"Hindi mo na ako susunduin sa 7-Eleven?" tanong niya.

"Hindi na e, mauuna ako papasok sa'yo. Hindi ba, 7PM na ako."

Tumawa siya nang bahagya, "tangek, kinausap ko si TL na ilipat ako sa 7pm."

Natawa ako na medyo kinilig.

Sinandal niya ang kanyang ulo sa aking balikat.

30 minutes na't hindi pa rin nausad ang aming sinasakyan.

Salamat, ngayon ko lang na-appreciate ang traffic sa Maynila.

PACK

Binabalita sa tv ang patung-patong na kaso ng Presidente. Ang P728-million fertilizer scam, Jose Pidal bank accounts at ang Northrail project. Sa isang sulok naman ay si ermat na kinakalma ang aking erpat. Katabi nila si Beng na may hawak na tubig.

"Wala kang pakinabang dito sa bahay. Mag-impake ka ng hayop ka bago pa kita mapatay, lumayas ka!" Si Erpat, ngitngit na nakaduro sa aking mukha.

"Tumawag kami ng papa mo sa eskwelahan, hindi ka pala grumadweyt, puro ka bagsak," sambit ni mama.

Wala akong magawa. Kasinungalingan nang sabihin ko sa kanila na nakapasa ako ngayong taon. Hindi ko naman ito ginusto. Si papa ang may gusto nitong kurso, kesyo may kakilala raw siya, kaya raw ako ipasok sa barko at malaki ang sweldo.

Tatlong taon sa paaralan at isang taon sa barko. Sa barko mo kukunin ang BS mo. Kursong pambobo nga raw sabi ng iba pero hindi ako sang-ayon, gaya ng trabaho sa BPO, hindi madali.

Isa-isa kong tinupi ang mga dadalhing damit. Pilit kong pinagkakasya sa aking pulang Jansport—tatlong pirasong brief, dalawang polo shirt, tatlong long sleeve at dalawang pirasong pantalon.

"Kuya!" sigaw ni Beng paglabas ko ng pinto.

Hindi ako lumingon.

Tuloy ako sa paglabas ng bahay.

Hagulgol ng aking ina ang huli kong baon.

RBLVD

Walang tigil ang ring ng aking cellphone. Hindi ko ito pansin. Hindi ko rin inaalala. Nakaupo ako sa maingay at malamig na Roxas Boulevard. Musika sa akin ang pedal ng bisikleta. Gusto ko rin ang tunog ng mga ibon, mga taong naglalakad, mga magkasintahang magkayakap at naghahalikan, mga magkasintahang naglalakad na magkahawak kamay, sigaw ng mambabalot at ingay ng nangangalawang na barko. Mistulang isang malungkot na playlist ang buong paligid, iniisip sa mga oras na ito kung saan ako tutungo, *what will I be after 5 years?*

Tama nga siguro si Carol na wala akong kinabukasan. Tama nga siguro si erpat na wala akong kwenta. Tama nga siguro si ermat na hindi ko sila inaalala. Mahirap nga atang muling magsimula. Sa tuwing ako ay pumapasok sa apat na sulok ng building ay tila nakukulong ang aking sarili sa mahabang paglalayag na hindi ko alam saan patungo.

Sa bawat ring ng telepono ay hindi maiwasang makarinig ng mga masasakit na salita mula sa mga Amerikano at kung mamalasin ay mula sa kapwa Pilipino. Mga nakatapak lang sa Amerika ay nakalimutan na ang kulay nila.

Muling tumunog ang aking cellphone, si Che. Pinindot ko ang cancel button, ayoko muna ng kausap. Tumunog ulit ang aking cellphone, hindi ko pa rin sinagot. Isang text message ang pumasok.

Akla q b mgkikita tau sa 711? Knina p aq d2. My problema b? 1 oras na ktang hinihintay. W8 kta mahal. I love you.

Sender: Mahal ko

BUY ONE TAKE ONE

Ramdam ko ang lamig ng 7-Eleven nang binuksan ko ang pintuan. Nakaupo siya at naghihintay. Hawak niya ang itim na libro na hanggang ngayon ay hindi pa rin niya natatapos basahin. Walang galit sa kanyang mata nang makita niya ako. Nakangiti siya habang papalapit ako sa kanyang kinauupuan. Nilapag ko ang pulang Jansport sa lamesa at umupo sa tabi niya. Tumulo ang luha na kanina ko pa pinipigilan.

Binago na nga ata ako ng panahon. Magmula nang iwan ako ni Carol ay mas lalo kong naramdaman ang kalungkutan. Naramdaman ko rin ang kahinaan na bumabasag sa aking buong kalooban.

"Anong problema, mahal ko?" tanong niya.

"Wala, masaya lang akong kasama ka."

Mga kanta ng Corrs at ni Ronan Keating ang naging karamay namin hanggang umaga.

Sa malamig na gabi ay nagkukubli ang mga pangarap at sana. Kasabay ng hangin ang mga nagtatagong mata. Dumudungaw sa mundong humihiwalay sa kanila. Mga matang nakadungaw sa nagtataasang building.

"Hindi ko alam kung ano ang mapait. Ang buhay o ang kape."

AUX



PLAYHAWS

Nagsama kami ni Che. Sabay kumakain, sabay natutulog, sabay naliligo, sabay pumapasok. Tinutulungan niya ako sa aking mga assignments at pag-ri-review. Si Che ang nagtulak sa akin na bumalik sa pag-aaral. Hindi raw kasi pangmatagalan ang trabaho sa BPO at ayaw niya ako na makitang kulubot na sumasagot ng telepono. Malalaman mo raw na tumatanda ka sa call center kung tawag nila sa'yo ay Daddy o Mommy. Una ay kuya, sunod ay tito, mga ilang taon ay daddy. Kaya nagpasya akong mag-aral muli habang nagtatrabaho. Kumuha ako ng kurso sa pagtuturo, sabi ko, makatapos lang at may fall back kung sakaling magsawa sa BPO. Hindi ako nagsisi, hindi ako nagkamali sa aking desisyon.

Tuwing napasok sa eskwela ay pinaghahanda ako ni Che ng aking babaunin at hindi siya nakakalimot na halikan ang aking mga labi sa tuwing ako ay umaalis. Isang masayang bahay-bahayan naming dalawa. Ako na yata ang pinakaswerteng lalaki sa balat ng lupa. Aaminin ko, hindi naging madali. Hindi madaling pagsabayin ang trabaho at pag-aaral.

"Bakit umupo ka sa tabi ko? Marami namang upuan pero bakit sa upuan ko pa ikaw sumiksik, dahil ba gwapo ako?" tanong nang minsang maalala kung paano kami nagkakilala.

"Nagpapatawa ka ba? Wala lang talaga ako no'n maupuan."

"Talaga, bakit pumayag kang magsama tayo?"

"Dahil wala, gusto ko lang, trip lang."

"Akala ko… dahil mahal mo ako?"

Inayos niya ang kanyang buhok at tumingin sa akin nang seryoso, "mahal? Hindi na uso ang mahal-mahal ngayon." Lumapit siya sa akin nang dahan-dahan, "sino bang hindi ma-i-inlove sa lalakeng matangkad, malaki ang katawan, may matangos ang ilong, maliit na labi, mapupungay na mata, mabait, at mysterious type na kagaya mo. Sino bang hindi ma-i-inlove sa'yo?"

"Parang hindi naman ako 'yung sinabi mo," sagot ko na naiinis.

Tumawa siya nang malakas at nilapit ang kanyang mukha sa aking mukha. Hindi ko napigilan kaya bigla ko siyang hinalikan. Inawat niya ako, "baka ma-late ka sa klase mo."

"Huwag kang mag-alala, religion lang 'yun."

Pinalo niya ako sa dibdib, "demonyo ka talaga!"

Minsan, kahit 'di ko siya maintindihan dahil tinotopak gaya ng ibang mga babae, iniisip ko na lang kung gaano ko siya kamahal. Hindi naman araw-araw tinotoyo si Che e, kaya ayos lang.

Kaso, isang araw sa bahay na aming tinitirhan, umuwi ako at nadatnan na patay ang lahat ng ilaw. Hindi pinapatay ni Che ang ilaw sa sala kahit walang tao kaya bigla akong kinabahan. Hinanap ko ang switch at binuksan.

Bumungad sa akin ang mga basag na bote ng beer sa sahig. Madali akong pumasok sa aming kuwarto, hindi ko siya nakita. Nakita kong bukas ang banyo kaya sumilip ako pero hindi ko pa rin siya nakita doon. Lumabas ako ng bahay at nagtanong sa mga kapitbahay pero hindi rin nila nakita o napansing umalis si Che. Hindi ko alam ang gagawin, kinakabahan ako na baka may nangyaring masama sa kanya. Pumunta ako sa malapit na Police station para i-report ang nangyari. Ngunit nabigo ako. Nasa probinsiya ang kanyang pamilya kaya wala akong alam na kamag-anak niya dito sa Maynila. Tinawagan ko ang kanyang mga kaibigan at kasama namin sa trabaho, nagbabasakali na makita ang bakas ni Che pero wala silang alam kung nasaan siya. Pagkatapos ng tatlong araw ay nakatanggap ako ng text message. Patay na raw si erpat. Wala akong magawa, pinagbagsakan ako ng langit at lupa.

ISTANTE

Maayos na nakalagay sa maliit na istante ang mga libro ni Che. Parang mga sanggol na palagi niyang inaayos at pinupunasan. Malaya sa pakiramdam na makita siyang nagbabasa at nililipat ang pahina. Nahuli niya akong nakatitig sa kanya, ngumiti ako.

"Magbasa ka rin kaya," paanyaya niya.

"Hindi naman ako mahilig magbasa e," sagot ko.

"Nakaka-relax kaya, hindi 'yung puro lang tayo trabaho na nakaupo at nakaharap sa monitor."

Ito ang alaala habang inaayos ko ang mga libro sa kanilang lalagyanan. Sa isang linggo ay may bago nang titira sa inuupahan namin ni Che. Hindi ko na rin kayang mag-stay pa, dahil habang nakikita ko ang aming kama, mga plato, electric fan, at mga litrato naming dalawa na nakapatong sa TV ay lalo akong kumakapit sa pag-asang babalik pa siya. Kung babalik man si Che ay hindi ko na hangad ang kanyang paliwanag. Gusto ko lang ay mahagkan at mahalikan siyang muli. Ngunit ayoko nang umasa pa at tatlong buwan na rin ang nakakalipas.

Bago ko iwan ang minsa'y naging pugad naming dalawa ay muli kong sinulyapan ang istanteng naging playground ni Che. Iniwan ko ang mga libro na baka sakali ang susunod na yayapak dito ay kagaya niyang may puwang makipagkwentuhan.

PROUIDE

Bigla na lang daw nangyari. Nagbabasa lang si erpat ng diyaryo nang biglang natumba ito sa kanyang kinauupuan. Sambit ni mama habang yakap-yakap ako at humahagulgol. Dumating din si Beng at hindi na rin napigilan ang pag-iyak.

Mataas ang pride ni papa dahil siguro dating sundalo. At ako bilang anak ay namana ang pagiging ma-pride nito. Hindi ako nagbago ng numero kahit lumayas ako sa puder ni erpat dahil ayoko ring mawalan ng koneksyon sa kanila. Naghihintayan nga raw kami kung sino ang unang magpaparamdam.

"Nauna na ako pa kaya 'wag ka nang magparamdam," biro ko habang nakatitig sa kanyang kabaong. Napatawa nang bahagya si mama at tinapik ako nito sa likod.

"Biro lang ma," bawi ko.

Hindi man lang niya nahintay na makita akong nakasuot ng itim na toga. Hindi man lang niya ako hinintay na humingi ng tawad. Naghihintay lang naman ako ng tamang panahon at lakas ng loob. Gusto ko lang naman na makita niya akong isang bagong tao, yung pwede niyang maipagmalaki kahit kanino, hindi isang call center agent lang.

"Kuya proud sa'yo si papa," si Beng habang nakasandal ang ulo sa aking braso.

"Sana nga," sagot ko.

BIG T

Ilang linggo ring laman ng tsismis ang pagkamatay ni Dex. Halo rin ang kuro-kuro sa loob ng opisina. Sabi ng iba ay hindi nakayanan ang problema sa pamilya at ang sabi naman ay depression. Bago raw kasi ito mamatay ay napansin na matamlay si bakla at minsan ay hindi nakikihalubilo, tahimik na tumatambay sa pantry. Normal lang naman kay Dex 'yun at kahit kanino na gustong mag-isa lalo na kung may mabigat na problema.

Lagi kaming magkasama bago siya mamatay. Nagyoyosi sa parking lot at minsan ay umiinom pagkatapos ng shift. Wala naman kaming napansin ni Che na kakaiba sa kanya. Bastos pa rin ang bunganga ng maharot na bayot tuwing magkausap kaming dalawa. Kung may nagbago man ay ang kanyang problema sa pamilya. Ayon sa kwento ay sinabi ni Dex sa kanyang magulang ang kanyang nararamdaman ngunit walang nakinig. Siguro, hindi na rin mapakinggan dahil sa pag-aalaga sa kanyang amang gulay. Hindi rin naman sinabi ni Dex sa amin ang kanyang malalim na nararamdaman.

'Yung mga matatanda, hindi nila alam kung ano ang depression, kaya kapag nagsabi ka sa kanila na nalulungkot ka o na-di-depress ay sasabihin sa'yo niyan—kumain ka nang maayos, matulog ka nang maayos, arte lang yan, lumabaslabas ka ng bahay. Kapag religious naman ang magulang, sasabihin—mag-pray ka lang 'nak, pray over ka namin, um-attend ka ng church service o kaya kulang ka lang sa prayers.

Hindi naman kasi uso sa panahon nila ang depression, kung mayroon man, siguro, kaunti lang o kaya hindi pa ganoon kilala o pangmayaman lang. Sabi nga, pangmayaman lang ang depression kasi wala namang mambabalot na may depression, magsasaka na may depression, takatak boys na may depression. Siguro way of life rin e, kung marami kang ginagawa o maraming responsibilidad gaya ng kung paano papakainin ang lima mong anak at asawa, hindi mo na siguro maiisip magkaroon pa ng depression. Sabi naman ng iba na ang lahat ay puwede magkaroon ng depression, mayaman ka man o mahirap walang exempted.

Simula nang mawala si Che at erpat ay parang may mabigat sa pakiramdam na gusto kong umiyak kahit walang dahilan. May insidente pa habang nasa LRT, ang baba ko sa Shaw Boulevard Station, Pureza pa lang ay bumaba na ako dahil ang sikip sa loob na hindi ako makahinga kahit ang luwag naman talaga. Ang gulo kasi at ang bilis ng buhay na tila lahat ng tao ay nagmamadali na may palaging hinahabol na oras kahit bibili lang ng betsin sa kanto.

Hindi na ako nauwi ng bahay dahil sa sleeping quarters na lang ng company ako natutulog, iniiwasan ko kasi ang trapik na lalong nagpapabigat

ng aking puso at isang dyip lang ang layo ng opisina sa eskwelahan na aking pinapasukan. Nagpapadala na lang ako ng pera kay ermat at Beng.

"Kuya, kumusta ka?" tawag mula sa aking kapatid.

"Okay naman, kayo kumusta, natanggap niyo ba 'yung padala ko?"

Kung may mahirap mang sagutin na tanong bukod sa tell me something about yourself ay 'yun ang kumusta. Pakiramdam ko na ang buhay ay paikot-ikot na lang. Gigising, kakain, maliligo, papasok, matutulog, maliligo, kakain, matutulog, kakain, uupo, sasagot ng mga tawag, tititig sa kumikindat na arrow ng monitor, gabi-gabi ay yinayakap ang globalisasyon na tinuro ng kolonyal na edukasyon.

Sabi ko, hindi ito ang buhay na gusto ko, bakit ganito ang nangyayari. Nagiging cycle, paulit-ulit. Tanong ko, ito na ba talaga ang totoong buhay? Buhay ka pero hindi ka nag-i-exist. Humihinga ka pero zombie, naglalakad, pipila, nakaupo sa loob ng dyip patingin-tingin at basa ng pawis ang damit dahil sa init na dinagdagan ng inip dahil sa trapik.

Mahirap magkaroon ng depression, kailangan matapang at lumalaban. Kailangan din ito ng suporta ng pamilya at kaibigan. Hindi ito kakayanin ng isa, sa aking karanasan, wala sa tamang isip ang mga nakakaranas ng depression. Hindi niya alam ang tama sa mali. Ang mahalaga sa kanya ay ang kanyang nararamdaman at ang negatibong tingin niya sa mundo. At sa bansang kinabibilanagan natin ngayon ay malayo-layo pa tayo para ito ay maunawaan. Sa bansang third world, bawal ang mag-inarte.

Suicide Hotline:
(02) - 804-4673
0917-558-4673

A study made by the International Labor Organization Asia-Pacific entitled "Business Process Outsourcing in the Philippines: Challenges for Decent Work" in 2016 showed "high levels of stress common in the BPO sector, particularly in contact centers." Call center agents entertain 78-100 calls per day and respond to at least 91 percent of the calls within 22 seconds, and then were given five to six minutes to address clients.

- The Manila Times 10/07/2017

EKSTEND

Bigla kitang naalala. *Walang salita para aking maunawaan. Sa iyong paglisan na walang dahilan. Masakit na ikaw ay kalimutan. Tanging mga tula at alaala mo ang inspirasyon. Sa mabilis na mundo, sa gitna ng naglalakihang building, ikaw ang panagimpan. Nakatulala, iniisip, ikaw ang hiraya, ang hinagap na makita.*

Imposible, sambit habang nakahiga sa kama, nakatitig sa kisame, ang kulay kahel na ilaw, ang kamay ng babaeng nakayakap sa aking katawan, ang maingay na buga ng aircon, ang mundo simula nang mawala ka.

"Gising ka na?" Si Karol, hindi sadya na muli kaming magkita sa bago kong pinagtratrabahuan.

"Naalimpungatan kasi ako." Sabay abot ng sigarilyo na nakapatong sa lamesa.

"Matagal ka na sa BPO?" tanong niya habang inaayos ang kanyang buhok.

"Matagal na, mga ilang taon na rin."

Nakakatuwang isipin na pagkatapos naming magtikiman na parang mga asong uhaw at halamang hindi nadidiligan ay saka pa lang namin naisipang magkumustahan. Hindi pa rin siya nagbabago, maganda pa rin ang kanyang mukha, hindi, lalo siyang gumanda, at ang hubog ng kanyang katawan ay ganoon pa rin gaya nang mag-syota pa kami. Hindi man lang siya tumaba gaya ng iba. Maumbok pa rin ang suso niya at makinis pa rin ang balat niya. Hindi ko napigilang yayain siya pagkatapos niya akong tawagin at hablutin ang aking braso. Alam kong hindi niya ako tatanggihan. Sa akin niya naranasan ang labasan.

"Hopper?" sunod na tanong nito.

"Hindi, maganda kasi ang offer kaya lumipat ako."

"Saang account ka ba? Sa Telco ako e, tenth floor."

"Sa third floor kami, medical account, trainer."

"Really? Wow, kaya pala hindi kita nakikita," gulat nito.

"Nag-aral ako ulit, sabi ko, ayoko na sa BPO tapos pagka-graduate, dito pa rin ako."

"Congrats, that's why you look better now and atleast hindi ka na ahente."

"Kaya nga e, DOTA years are over, ikaw ba, ba't ka napadpad dito?"

"Nakakatamad sa bahay, wala pa akong 6 months."

"Bago ka lang pala," sagot ko habang sinisindihan ang sigarilyo.

"Still single?" tanong niya.

"Yup," ako pagkatapos ibuga ang usok, "ikaw?" Balik kong tanong sa kanya.

"Married, pero wala pa kaming anak, seaman din gaya ni dad, he is not here, around Europe ang travel niya."

Hindi ako nagsalita, inabot ko ang pack ng sigarilyo sa kamay niya.

"Hindi mo na talaga tinuloy ang maritime," tuloy ni Carol habang inaabot ang pakete ng Marlboro black.

"Hindi na, kumuha ako ng kurso sa pagtuturo."

"Ikaw, teacher? How ironic."

"Well, gano'n talaga," pinatay ko ang sigarilyo sa pulang ashtray at sinuot ang nakasampay na longsleeve sa dingding.

"We're you fucking going?" tanong niya habang tinataktak ang upos sa sahig, "it's too early, stay." sambit nito.

"May gagawin pa kasi ako e."

"Stay, miss lang kasi kita, care to extend?"

Hinaplos niya ang aking likuran at hinubad ang aking damit. Hinalikan niya ako sa leeg at niyakap. Napapikit ako nang saglit. Biglang nag-ring ang telepono.

OVERBREAK

Ilang linggo nang queuing sa floor. Tumaas kasi ang attrition ngayong buwan. Kada linggo ay may bagong pasok na wave at ako ang naatasan mag-support sa mga new hires. Ang trabaho ko ay sagutin ang kanilang mga tanong at i-guide sila kung paano gamitin ang aming tools.

Mga nalulunod—inside joke sa opisina. Kung may tanong kasi sila ay kailangan nilang magtaas ng kamay. Maayos at organisado, hindi mahirap hawakan kapag ganito.

"Ang hirap ng account," reklamo ng isang new hire habang nasa parking area. Suot niya ang maikling black skirt at revealing ang kanyang cleavage. Panay hithit niya ng yosi at laro ng bubblegum.

"Makakasanayan mo rin yan, kapag palaging ginagawa nagiging second nature," sagot ko habang tinitingnan ang makinis niyang legs. Nahuli niya akong nakatitig sa kanyang maputing binti kaya muli akong nagsalita, "mabuti pinapasok ka ng guard, 2 inches below the knee dapat di'ba?"

"Hindi naman ako sinita e, bakit ayaw mo ba?" sambit niya na natatawa.

"Ang kinis nga e," sabi ko habang pinapakiramdaman ang sunod niyang isasagot.

Ngumiti siya at tumitig nang malalim, "may anim na minuto pa," bulong niya.

Sinilip ko ang aking relos. Naghihigpit kasi sila ngayon sa over break.

A second passes pretty quickly, yet many things can happen in one second.

AMABO

"Sapagkat kailanman, ang relasyong Amerika-Pilipinas ay hindi tunay na relasyong magkaibigan, kundi relasyon ng malaki sa maliit, ng amo sa "alaga", ng lalaki sa babae sa pyudal na kahulugan nito."

- Lualhati Bautista, GAPO

Nagsalita si Pnoy tungkol sa anti-BPO bill na sinuportahan ni Obama. Marami ang natakot sa balita at marami ring nagkibit-balikat.

"We have to take into account that this is an election year, and so it may be an election-related statement," pahayag ni Noynoy, huwag daw mag-alala dahil it will not likely prosper.

"Hindi naman nila kayang mabuhay na wala tayo," opinyon ng isang ahente pagkatapos marinig ang news flash sa tv.

"Lubog na ang Amerika 'no, laki ng utang nila sa China kaya outsource ang bumubuhay sa kanila. Sige tanggalin nila nang lalo silang lumugmok," sambit naman ng isa.

"Mataas ang customer service quality natin kaysa sa mga puti kaya hindi matutuloy 'yan, we always hit the metrics, minsan pa nga ay we exceed their expectations tsaka hindi papayag si Noy diyan," sabat ko.

"Totoo, hindi nga sila marunong magbukas ng computer." Natawa ang lahat bago nanahimik. Pinalabas din kasi sa TV ang status sa kaso ni Jennifer Laude. Ang transgender na pinaslang ng isang US Marine.

MANILA, Philippines - US President Barack Obama proposed several tax measures aimed at encouraging American companies to bring jobs back home, a move that is expected to have an adverse impact on the Philippines' growing outsourcing industry.

- ABS-CBN News Jan 25 2012

STRAIGHT PATH

Aquino: It is no surprise that Mar is now known as the "father of the BPO industry."

"Hindi man lang inisip ang talento ng mga empleyadong nagpursige sa industriyang ito. Pinapakalat pa ang balita na siya ang tatay ng BPO," ngitngit na galit ni Roger habang nagbabasa ng online news sa loob ng restawran.

"Ngarat, mga walangya." Padabog niyang nilapag ang cellphone, "hindi alam na ang outsourcing ay isang sumpa. Tinuturuan ang isang bansa na dumipende sa ibang bansa. Paano na lang kung biglang mawala? Pupulutin tayo sa kangkungan. Kaya nagtataka ang mga taga-ibang bansa sa atin. For them—to innovate is to start a company and for us, is to get a job na inaabuso ng mga kapitalismo. Mga bagong nouveau riche nga raw tayo, yes, call center is an awesome job but there are things that needs to be discussed…. nagbabago lang ang trabaho, nagiging moderno pero ang problema hindi nagbabago." Sumenyas ako, no comment.

Tinuloy niya ang usapan kung gaano kapulpol ang gobyerno.

"Industry pioneer Oscar Sañez, who led IT and Business Processing Association of the Philippines from 2007 to 2011, disputed Roxas' claim and said the industtry's phenomenal growth should go to Arroyo"

- Manila Standard March 06, 2016.

WEIRD

Nasita si Cindy ng management dahil sa pagbebenta nito ng pabango at pagkain sa loob ng floor. Kailangan niya kasi ng extra income dahil na-endo ang asawa nito.

"Bakit hindi mo pag-applayin dito para magkasama kayo," wika ko.

"Naka-limang try na siya 'no, bagsak agad sa initial interview," sagot ni Cindy.

Limang taon na ang asawa niya sa SM at ngayon lang ito hindi pinag-renew. Hindi raw kasi ito nakapasa sa medical exam at kailangan mag-undergo ng ilang test. Kamot ulo tuloy si Cindy kakaisip kung saan kukuha ng raket.

"Ganito na lang, 'wag ka na magbenta sa loob, sa pantry mo na lang ibigay o ipakuha, wala ka nga lang bantay," saad ko.

"Alam mo naman na ultimo yakult sa ref ay biglang nawawala."

"Baka si Junjun."

Hindi tumawa si Cindy kaya inulit ko ang joke, "baka si Junjun."

Hindi pa rin siya nag-react kaya tumahimik akong saglit. Hindi niya yata nagustuhan ang biro ko. Tumayo ako at niyaya siyang bumalik sa production. Naglalakad kami sa hallway nang bigla niya akong hinawakan, "nakita ko siya," si Cindy, nginig ang boses.

"Sino?" tanong ko.

"Si Junjun, yung batang nagpapakita. Kanina habang nagsasalita ka ay may napansin akong kakaiba, may anino kang katabi. May kamay ring nakahawak sa balikat mo," nginig na sabi ni Cindy.

Natawa ako at muling nagsalita, "so, dalawa sila?"

Inaawat ako ni Cindy at sumitsit nang mahaba, "huwag kang magsalita, kasama natin sila."

Biglang namatay ang ilaw. May kumakalabit sa aking likuran. May binubulong.

"Huy uwian na," si Cindy, ginigising ako sa aking station. Nakatulog pala ako sa sobrang avail.

Tinuro niya si TL na kanina pa nakatitig, "tulog pa more," biro nito.

Bago ako umalis ng opisina ay may nakita akong kakaiba. May batang walang ulo na tumakbo sa aking peripheral view.

Junjun *– pangalan ng lahat ng batang multo sa BPO. Madalas siyang makita sa training room, banyo at sleeping quarters.*
Avail *– Kabaliktaran ng queuing kumbaga matumal ang benta.*

KOL

Antok ang malupit na kalaban ng mga ahente sa industriyang ito. Dito yata nauso ang joke na "Anong gusto mo? Walang tulog o walang gising?".

Marami rin akong nakilalang kaibigan at isa na nga rito ay si Diana. Si Diana na laging nagmumura.

Tangina this and Tangina that, ayan ang palaging laman ng bibig niya. Kung pera lang ang pagmumura, malamang mayaman na siya.

Isang gabi walang hinto ang bibig niya sa pagmumura.

– (Mute) "Tangina mo!" (Unmute) "Yes ma'am. I understand."

– (Mute) "Tangina ka talaga ang bobo mo!" (Unmute) "I really do apologize ma'am."

Hindi na nakatiis ang tenga kong nagdudugo sa paulit-ulit niyang pagmumura. Kinalabit ko siya at tinanong.

"Anong problema mo sa kausap mo? Kanina ka pa mura nang mura."

"Eh, kasi pinagpipilitan nitong bobong kano na 'to na hindi raw sila um-order ng product. Kitang-kita sa record natin na in-order mismo ng asawa niya. Mga kupal at bobo ng mga 'to hanggang ngayon ginagago pa rin tayo."

"Baka totoo naman talaga na hindi in-order ng asawa."

"Hindi pre, ako mismo ang kausap ng asawa a week ago. Ako ang gumawa ng transaction. At sinungaling pa ang kupal patay na raw ang asawa niya."

"Hahaha. Kupal nga talaga."

Ganyan ang mga kano kung makapanloko sa ating mga Pilipino—sagad. Maraming ganyang kwento kaya sanay na rin ako.

After 10 minutes nanghingi ng supervisor ang kausap ni Diana. (Ganyan naman ang panakot ng mga puti manghihigi ng supervisor. Anong akala nila maiihi tayo sa takot. Pak-u nila!)

Ngumiti ako kay Diana dahil alam kong kukupalin lang nila yung tarantado. Tumayo si Diana at lumapit sa station ng kanyang supervisor para ipaalam ang nangyari.

Ilang minuto ang lumipas ay nagulantang ang lahat sa boses ni Diana. Nagsisigaw si Diana patakbo palabas ng opisina.

"Tanginaaaaaa!!!! Tanginaaaa!!!"

Ito na pala ang huling gabing makikita ko si Diana. Hindi na siya muling nagpakita pagkatapos iparinig sa kanya ang recording kung saan wala siyang kausap. Boses lamang niya ang malinaw na naririnig kasabay ng boses ng isang matandang lalakeng naghihingalo.

Isa pa ring palaisipan kung paano ito nangyari. Kung may kausap ngang talaga si Diana ay bakit hingalo lamang ng matandang lalaki ang nadinig?

MISTERYO

Ilan minuto ko nang naririnig ang aking katabi na tawa nang tawa kaya tinanong ko siya.

"Tol, laughtrip 'ata kayo ng kausap mo diyan, ha?"

Sumagot siya nang nakakunot ang noo, "tangina pre, taga-Texas, hindi ko maintindihan."

Nagtaka ako kaya muling nagtanong, "Oh, bakit tumatawa ka?"

"Tumatawa rin kasi siya."

Isang misteryo. Bakit sa call center kapag tumawa si customer sa phone kailangan tumawa ka rin?

PRO-NUN-SI-YEY-S'YON

Natatawa ako kapag naalala. May kausap akong nurse, medical ang account ko no'n at nagtatanong siya ng benefit ng pasyente niya sa mata. Ilang beses ko nang sinabi na covered 'yung mata ni pasyente kasama ang Retina. Hindi niya ako maintindihan, ilang beses ko yatang in-explain.

"RETINA."

"WHAT?"

"RE-TI-NA!"

"I don't know what Retina is."

"Ar-Eeee-Ti-En-Ae-RE.TI.NA."

"Ah I get it Ret'na."

Walangya silent "I" pala (/ˈret.ən.ə/).

Kanina ko lang din nalaman na tama rin pala ako kung British pronunciation ang susundan /ˈret.ɪ.nə/.

PICHA

Ilang poster ang nagkalat at ilang mga programa about BPO. May mga TV commercials at mga video rin sa internet. Mukhang may niluluto, at may gustong tumakbo sa susunod na eleksyon. Malayo pa nga ay nangangampanya na. May mga bossing din na magsasalita kung ano ang side ng BPO pagdating sa politika. Ipapakilala raw ang Father of BPO. Muntikan na akong masuka, hindi dahil sa nanlilimahid nating lipunan kundi dahil sa pait ng kape.

Isang tapik sa likuran. Napalingon ako.

Ang aming OM, "Congratulations, graduate ka na pala, nagbunga rin."

Sumagot ako at ngumiti, "thank you boss, sa wakas nga po at nagbunga rin ang mga absences ko," biro ko.

Tumawa siya, ramdam ko ang pekeng "Haha", "I feel you, naging mabait ang company sa'yo kaya magpa-pizza ka naman diyan," hirit ni OM sa boses ni Butch Francisco.

"Oo nga, pakain ka naman."

"Para naman hindi kami puro libre sa'yo."

"Hindi ka naman namin sinusumbong kapag nakakatulog ka, kaya magpakain ka na," buyo ng ibang mga ahente sa diga ni OM.

Napakamot ako sa ulo. Ilang minuto ay dumating ang dalawang Monster Pizza.

Lahat ay nakangiti na ngumunguya.

Sa oras na ito, habang tinitingnan ko ang relo, hindi ko maiwasan maalala si Che. Hanggang ngayon ay iniisip ko, bakit bigla na lang siyang umalis.

Binuksan ko ang aking cellphone at pumunta sa mga lumang mensahe.

I luv you mahal ko. Huwag kang mapapagod. Kaya mo yan dhl nndi2 lang aq.

Sender: Mahal ko.

Pinindot ko ang call.

Sorry the number you have dialled is not in service…

TALA

Kinausap ako ni Che, "Ang ganda talaga ng mga bituwin, parang ang sarap hawakan. Ang layo-layo pero parang malapit lang."

Tinitigan ko ang mukha niya at nakita ang isang Che na puno ng pangarap. Pangarap ni Che na maging manunulat. Mahilig siyang magsulat ng tula at mga nakakalungkot na kuwento.

"Estrelya, isa yan sa mga tawag ng iba sa bituwin," pagpapatuloy niya habang tinuturo ang malawak na kalangitan, "ang iba sa kanila ay patay na kaluluwa. Ang talang may layong 40 trilyong kilometro ay may liwanag na aabot sa ating mundo, matatanaw natin ang kanyang liwanag sa susunod na apat na taon."

Kumunot ang aking noo at nagtanong, "ang ibig mong sabihin, ang nakikita nating liwanag ay nakalipas na?"

"Hindi, nakatitig tayo ngayon sa nakaraan."

Bumaling siya sa akin dahil bigla akong tumawa, "saan mo naman nalaman 'yan?"

Sumagot siya, "sa libro," sabay ngiti.

"Kwentuhan mo pa ako," hiling ko.

Ngumiti siya at nagpatuloy, "sabi nila, na ang pinakaunang bituwin daw ay kagaya natin. May asawa itong bulag, humiling siya kay Bathala na muling ibalik ang paningin ng kanyang asawa. Binigyan siya ni Bathala ng isang kondisyon, ibabalik nito ang paningin ng asawa basta't siya ang magiging ilaw at liwanang ng mga mata nito. Kaya't tuwing sumasapit ang gabi, lumalabas si Estrelya para gabayan ang pinakamamahal niyang si Lucero."

Tinaas ni Che ang kanyang kanang kamay, sinubok igapos ang liwanag ng plasma na bumibigkis sa sarili nitong grabidad.

"Napakalapit… ngunit napakalayo, nakakalungkot na pag-ibig. Kailangang magsakripisyo," wika ko.

Isang alaala. Tinitipa ko sa aking keyboard ang mga sandaling kasama ko siya. Kung sakali mang mamatay ako o mawalan ng memorya ay naisulat ko ang mga karanasang kasama siya. Hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng aking mga daliri. Gusto ko lang mailabas ang lahat ng sakit, lungkot, pagkabalisa at pagnanais na mayakap muli si Che. Isa akong mangangaso ng letra sa hangin na hinuhuli ang mga salitang magbibigay buhay sa bawat panalangin.

Ang bumalikwas sa mga araw-araw na nangyayari
Ang mabuhay sa paano ko gustong mabuhay

CASUAL

"Welcome to the real world," ito ang bungad sa mga bagong pasok na ahente. Hindi ko lang matantiya kung ito ay isang masayang pagsalubong o isang babala.

Ngumiti sa akin ang isa kaya ngumiti rin ako. Matagal-tagal na ring hindi nagkakaroon ng magandang ahente rito sa floor.

"May asawa na yan tol," bulong ng isang katrabaho.

"Hindi ko type loko," sagot ko.

Ilang linggo rin bago ko siya nakausap. Hiwalay raw siya sa kanyang asawa. May isang anak at dating nagtratrabaho sa Qatar. Ayaw na niyang bumalik dahil mahirap ang buhay doon. Okay na siya rito sa call center, maayos ang sweldo, maganda ang benepisyo.

Kwento rin niya na TL sa kabilang kumpanya ang ex-husband niya.

Tinagayan niya ako at nagtanong, "ikaw? Magkwento ka naman."

"Tahimik lang 'yan at busy sa pag-aaral," sabat ng isa habang tinitira ang pulutan.

"Working student ka pala?" tanong niya ulit.

Tumango ako at tinagay ang baso.

Nang malasing ay nagpaalam.

"Mamaya na, nakakatatlong bucket pa lang tayo at wala namang pasok bukas," pigil niya.

"May klase pa kasi ako mamayang hapon," sagot ko.

"Last bucket na tol," pigil ng isa.

Umupo ulit ako at sumindi ng sigarilyo, pagkatapos ay nagpaalam na pupunta sa banyo.

Pagkakataon ko na kako, tumakas ako at umalis.

Nag-ring ang aking cellphone at hindi naka-register ang number.

"Hey, where you at? This is Claire."

"I'm sorry, I need to go, I have class."

Binaba niya ang phone at isang text ang dumating.

"I feel horny right now, would you mind?"

Mukhang hindi ako makakapasok ngayon sa eskwela.

A
D
Y
E
N
T

ARS

"Hindi na raw papasok si Tita Ars." Ito ang balitang kumakalat sa loob ng opisina. Hindi na papasok si Aira, isang transgender. Hindi na siya papasok pagkatapos ng komprontasyong naganap sa banyo ng mga babae.

"Bakit dito ka nakiki-banyo, 'di ka naman babae!?"

Ayon sa mga saksi, ito ang tanong na sumuntok sa pagkababae ni Aira. Sa suso niyang malaki, sa katawan niyang balingkinitan at sa kinis niyang mala-porselana. Sinong makakapagsabing ang taong 'to ay isang lalaki.

JAMIR

"Dito ko nakilala si Jamir. Ang bait niya at mahal na mahal niya ako. Uuwi siya ngayong March, sumama ka ipapakilala kita." Ito ang kanyang palaging paanyaya tuwing pinapakita ang litrato niyang nakasuot ng malaking korona na balot ng balahibo ng manok.

May kilig at kung anong saya na parang kinikiliti ang kanyang pekeng puke tuwing kinukwento kung gaano kaguwapo at kamahal siya ni Jamir, ang boyfriend niyang pranses. Ito ang dahilan kaya umuwi ng Pilipinas si Aira. Ayaw na siyang pagtrabahuin ni Jamir bilang showgirl sa Thailand at gusto'y magsama na sila sa France. Inaayos lang ni Aira ang mga papeles at hinihintay si Jamir para kunin at dalhin siya sa Paris.

"Mayaman ka na Aira, bakit nandito ka pa?"

"Hindi ako mayaman. Si Jamir ang mayaman. Yung pamilya ko sa probinsiya, kailangan ko pa ring suportahan."

Hindi ako nagsalita. Kaya nagsalita siyang muli.

"Ang call center naman ang mga modernong OFW. Kahit nasa Pilipinas, parang nasa ibang bansa."

Natawa lang ako at napabuntong hininga.

TRANS

"Alam mo, kinikilig ako tuwing binabanggit ni Jamir sa akin na magpapakasal kami sa France. Titira daw kami sa Paris kung saan palagi naming makikita ang Eiffel Tower. Kung pwede nga lang daw ay papakasalan niya ako sa Notre Dame."

Babae ang puso ni Aira, babae na rin ang katawan. Ang tanging hindi babae sa kanya ay ang kanyang pangalan at gender status sa kanyang birth certificate. Sa unang araw ng training namin sa BPO ay hindi maalis ang mata sa kanya ng mga kalalakihan. Ang iba pa nga'y napapakagat-labi kapag tumatalikod siya. Bilugan ang kanyang puwet na tila nag-iimbita na hawakan ang kanyang maumbok na tumbong. Ang mga babae naman ay ilag sa kanya lalo na ang mga babaeng kabog sa beauty niya.

"Do we have Joshua Anacio here?" Tatlong beses nang tinatawag ang pangalan na Joshua Anacio at wala pa rin sumasagot. Lahat ay nagtitinginan kung sino ba ang Josu'ang 'yan, hanggang may nagtaas ng kamay. Sa sulok, malapit sa pintuan, nakataas ang kamay ni Aira.

"I'm here. I'm Joshua Anacio."

Lahat ay nagulat. Ang iba ay natawa at ang iba nama'y parang nanalo sa lotto na may kasamang hampas sa hita, "sabi na nga ba!"

Hindi niya kinahihiya ang kanyang pangalan. Hindi lang niya gusto ang pakiramdam na hindi siya buo bilang tao. Kahit binago na niya ang kanyang mukha at kaanyuan ay hindi pa rin maiwasang hatulan siya dahil sa kanyang pangalan. Hindi ba't kahit magpalit pa siya ng babaeng pangalan ay huhusgahan at huhusgahan pa rin siya ng iilan? Tumingin si Aira sa direksyon ko. Tinitigan ko siya't ngumiti.

LAY BELL

Isang gabi habang nakaupo kami sa labas ng opisina at nag-uusap tungkol sa planong mag-bundok, ay naitanong ko sa kanya ang bagay na bigla na lang pumasok sa isip ko.

"Naiinis ka ba kapag tinatawag kang bakla?"

Napahinto si Aira at kumunot ang mukha. Nagtataka kung saan ko nahugot ang aking tanong.

"Bakit mo natanong?"

"Wala lang, naisip ko lang na bakit tayong mga tao ay parang mga bagay na nilalagyan ng tatak. Ikaw, sabi mo trans ka kasi tapyas na si junjun. 'Yung ibang hindi, na mayroon pa ring mga titi at nagsusuot ng pambabae kagaya mo ay cross dressers. Hindi ba't parehas lang kayong bakla?"

Hindi siya sumagot, natawa lang sabay hampas sa aking balikat. Kahit sabihin pa nila na ang mundo ng BPO ay moderno at organisado. Hindi pa rin maitatago ang diskriminasyon lalo na sa kasarian. Nakakapagtaka lang na ang mga leader, ang mga nasa itaas ay LGBT. Sila pa ang gumagawa ng harang, paghihiwalay, pagbibigay tatak at ideya na ang pagiging bakla ay iba sa trans, paminta at crossdresser o hindi pagpasa sa kanilang standard nang pagiging moderno at sibilisadong bakla. Mga ayaw magpatawag ng bakla dahil offensive pero tanggap tawaging gay. Bakla at gay, magkaibang pagkakakilanlan. Filipino at ingles, sa mga salita pa lang ay ibinababa na natin. Siguro, nakalubog pa rin tayong mga Filipino sa pagiging piyudal at class oriented.

PAMIENTA

Ilang araw pagkatapos umalis ni Aira, nalaman kong si Robert, isang bisor ang nagtulak masipa siya. Malaki ang kanyang katawan, laman ng gym, at kayang bumili ng branded na sapatos at hapit na shirt.

TENGA

Hindi nakapagtapos ng pag-aaral si Elias dahil sa maaga nitong pagkamulat sa responsibilidad. Napilitan itong mag-aral ng ingles para makapasok bilang call center. Kahit baluktot ang kanyang dila at masakit sa tainga ang pilit niyang American accent ay hindi niya ito alintana. Wala naman kasi siyang makikitang trabahong kumikita ng 10k hanggang 15K a month sa kagaya niyang undergrad. Nilalagay na lang niya sa kanyang isip na ang mga call center agents ay makabagong bayani. Hindi lang sila mahilig sumipsip ng mamahaling kape at magsuot ng mga may tatak na damit, malaki rin ang parte nila sa pag-unlad ng bansa. Sabi nga ng supervisor niya, gustong-gusto tayo ng mga kanluraning negosyante, hindi dahil masipag tayo kundi mas mura tayong paswelduhin. Sa isang empleyadong Amerikano ay makakakuha sila ng tatlong Filipino na kayang gumawa ng trabaho ng sampung Amerikano. Mas mura at parehas pa ng gawa, minsan pa nga'y mas maganda kaysa sa mga puti.

BIBIG

Ilang beses na si Elias palipat-lipat ng kumpanya, pito o anim na buwan lang ang kadalasang itinatagal niya. Kung hindi siya nasisipa dahil sa absenteeism at pagka-late, sinisipa naman siya dahil sa mababang benta. May kota na dapat i-meet ang mga kagaya niyang nagtratrabaho sa gabi. Kung ang mga puta ay kailangang magpatira sa tatlo o limang lalaki, si Elias naman ay kailangang makabenta ng kanilang produkto sa sampu o kinseng tao. Kasabay nito ang pagsalo sa mga matatalim na salita gaya ng "Fuck you," "Idiot," at "Dumbass."

OSSICLES

Isa, dalawa, at suwerte na ang tatlong benta galing sa mga matatandang nauuto ni Elias. Cellphone, Insurance, car loan, at internet connection, ilan lang 'yan sa mga inaalok ni Elias sa mga nakakausap sa telepono. Minsan sila ang natawag, minsan naman sila ang tinatawagan.

"Thank you for calling Super Global, this is El and how may I assist you…"

"Hey you fucking Asian! Why my bill is fucking terrible! Is this a scam or what?"

"I do understand what you are feeling right now and to bett…"

"Hey! Stop the fucking nonsense like you're reading a fucking script or I'm talking to a robot. I don't fucking care what you're trying to say, just transfer me to someone who can understand English."

Huminga si Elias nang malalim, sabay tingin sa kanyang supervisor na kanina pa nakikinig sa linya. Sumenyas ito bilang hudyat na i-transfer sa kanya ang tawag. Sanay na si Elias sa mala-burat na salita na labas pasok sa tainga niya, kumbaga, hindi na birhen ang ossicles niya.

GY

Tumunog ang aking computer. Isang email ang aking natanggap galing sa aking boss. Ako raw ang mag-ha-handle sa bagong class, at night shift agad ang schedule. Tsinek ko ang records, hati ang batch na 'to. May newbies at may mga eksperyensado. Biruan nga sa opisina, night shift is where you lose the sense of compasion for humanity and your social life doesn't matter.

Sumilip ako sa bintana. Okupado ang lahat. Lahat ay nakatutok sa kanya-kanyang monitor.

RETKARAK

Kung pagiging chickboy ang usapan, siya na yata ang malupit. Bago pa lang siya sa office ay naikama na niya agad 'yung hotchick sa floor na itago na lang natin sa pangalang Bababoom. Sobrang ganda naman kasi n'ya, ang laki ng hinaharap, ang tambok ng nililikod, matangkad at sobrang sexy. Ito 'yung mga kalimitang itsura ng mga babaeng nasa call center na hindi mo aakalaing papayag ng one night stand at papatol sa mga itsurang gamol, pero kung tatanungin mo ako sa itsura ni Mario, 'di siya kagwapuhan. Sabi ng mga babae ay malakas daw ang appeal, para siyang crush ng bayan. Sabagay, sa sampu mong lalakeng kaibigan may isa do'n ang talagang puwede mong masapak sa inis dahil sa ganda ng mga nagiging gf at mga kalandian. Badtrip yun minsan, 'di ba?

"Tol nakakaisa na ako dito sa office at may mga naka-line up na ka-text ko, gusto mong isa?"

"Langya ka pre, pagkatapos mong tikman si Bababoom iiwan mo na at nangdidemonyo ka pa, 'di ko linya 'yan, at madali akong mahulog. Focus lang tayo sa trabaho."

"KJ mo naman, isa lang 'di mo naman seseryosohin, sex lang ba."

"Gago, wala akong time para diyan, ayoko muna ng babae, pero may number ka ba ni Anne?"

"Tangina mo kakagat ka rin pala." (Sabay tawanan)

Nakilala ko din si Jessy isang single mom, naghiwalay daw sila ng tatay ng anak niya, gago raw kasi. Itong babaeng 'to hindi ko maintindihan, madaming pera pero nagtratrabaho pa, ba't hindi na lang mag-negosyo. Siguro hobby lang niya yung trabaho namin. Parang walang iniisip na problema sa pera, tingin ko nga minsan baka naghahanap lang siya ng lovelife o naboboring lang sa bahay, gusto lang may mapupuntahan at makakausap. Siya yung tipikal na babaeng mapera pero hindi mayabang, kaya makipagsabayan ng kamayan sa Mang inasal. Mabait at magaling makisama, tatawa kung may nakakatawa, sasaway kapag may nakitang mali, kung baga instant ate mo siya. Una ko siyang nakilala, akala ko mataray, kasi kamukha niya si Elizabeth Oropesa, nung bata pa. Nagkasabay kami sa medical, pinagmamasdan ko siya at natatawa, kasi naman naka-apat na yata siyang laklak ng malaking bote ng mineral water. Sa isip ko, may UTI ba 'to at gustong maglasing sa tubig. Kaya kahit tapos nang tawagin ang pangalan niya para punan ang kanyang urine bottle, ay nakailang beses pa rin siyang pabalik-balik sa CR.

Nakilala ko rin ang magkaibigan o sa tingin ko'y magkakambal na si Grace at Stacy. Ito 'yung magkaibigan na ayaw maghiwalay, pati yata sa cr

magkasama. Parehas silang galing sa Batangas at nagkakilala dahil nagkasabay mag-apply. Ito walang joke, sila 'yung mga akala mong hindi nagtratrabaho sa call center dahil parang wala lang. Mas mapagkakamalan mo pa silang DH kesa ahente. Pero putcha kung magsalita, gusto mong magpukpok ng bote sa ulo, mas magaling pa mag-ingles kaysa sa akin. Nakilala ko rin si Kring, simpleng babae, minsan lang magsalita at baduy pumorma pero 'pag naayusan laglag ang brief mo. Ito yung mga babaeng tago ang ganda na hindi mo inaakala.

May nakilala din akong silahis. Si Gerald, maniwala ka man o sa hindi ay hindi mo aakalaing bading o bakla. Ang ganda ng katawan, akala mo nagmomodel sa Bench, maputi at takaw tingin sa mga babae, 'wag lang talaga magsasalita kasi mahuhuli mong lalake din ang gusto ng bruha. Sabi niya, baysekswal daw siya, una hindi namin maintindihan kung ano 'yun, pinaliwanag niya sa amin.

Marami daw klase ng bakla, may mga cross dresser o 'yung mga nagsusuot ng babae. Ito yung mga madalas natin makita sa labas ng bahay na rumarampa tuwing gabi o 'yung mga makikita natin kapag pumupunta tayo ng Baclaran. Meron din naman daw mga closet o yung mga patago, kumbaga mga ayaw paladlad ang kapa, nagtatago sa dilim. Kadalasan may mga asawa na raw ang mga ito, mga sundalo, pulis, nasa politika, pari o kaya naman daw takot matakwil ng pamilya. Siya daw ay baysekswal, puwede sa lalake at pati sa babae, pumapatol sila sa lalake at pumapatol din daw sa babae, pero kung magkakarelasyon man daw sila ng lalake, gusto nila ay baysekswal din, dahil malayo silang lokohin. Maraming gano'n sa office kaya sanay na akong makakita ng mga lalakeng naghahalikan, mga babaeng naghahalikan, wala naman problema sa akin 'yun, mababait silang kasama at ituturing ka talagang kaibigan. Wala naman silang ginagawang mali kaya ayos sila para sa akin.

ICE BREAKER

Habang avail at naghihintay ng tawag ay nagtanong si TL, "Guys, what is love?"

Sumagot ang aking katabi, "TL, love is blind."

Sumagot din ang ahente na nasa likod ko, "TL, Love is when the other person's happiness is more important than your own."

Napangiti si TL at nagpalakpakan ang buong team.

May humirit, "TL, love isn't something you find. Love is something that finds you."

Palakpakan ulit, tumawa ulit si TL bago magsaway, "Guys lower your voice baka pagalitan tayo. How about you, what is love?" tanong niya ulit habang nakaturo sa akin.

"TL, love is parang 'yung papasok ka sa opisina dala ang saktong pamasahe at umaasang may suweldo na bukas."

Nagkaroon ng malaking question mark sa kanilang mukha bago magsalita ng korni.

IMORTAL

Hindi kami pinalabas ng building dahil sa lakas ng hangin. Nakahiga kami na parang mga bakwit sa loob ng pantry. Mabuti at nagbaba ang management ng libreng pagkain sa lahat. Ang ilan ay hindi napigilan dahil may mga pamilyang kailangang uwian.

"Ito ang buhay ng mga imortal," biro ng isa habang binibidyuhan ang mga ahenteng sumulong sa baha at malakas na hangin.

"Gano'n talaga, walang bagyo ang makakapagpatigil ng operation," sabat ko.

Kahit may bagyo ay kailangang pumasok dahil kung hindi ay babagsak ang site. May kwento pa nga na may pangyayari sa kabilang center na tuloy ang operasyon kahit may nasusunog sa loob ng building.

Pansin ko rin sa tagal na pamamalagi dito ay hindi pa ako nakaranas ng emergency drill. Bukod sa mga fire extinguisher na nakadisplay at picture ng exit map ay wala ng iba pang paalala.

Sumilip ako sa labas, nakita ko ang mga matatapang na MMDA at mga healthcare professionals, gaya namin mga waterproof din sila. Umula't bumagyo, hindi papatalo.

HAIYAN

Simula nang nasalanta ng bagyong Yolanda ang site namin sa Cebu ay wala nang plano ang kumpanya na magtayo pa ulit doon. Ito ang kinabahala ni Joey pagkatapos i-announce ni OM na hanggang isang buwan na lang silang susuportahan dito sa Maynila. Pinadala sila rito para pansamantalang magtrabaho at nang hindi mapilay ang negosyo. Sagot ng kumpanya ang kanilang tirahan at ang iba ay maswerteng naisama ang pamilya. Mabigat sa kanila kung ititigil ang suporta.

"Ayoko munang isipin, hindi ko pa rin kasi alam kung paano kami babangon," sagot niya nang tanungin ko kung anong plano.

"Kaya mo 'yan, huwag kang susuko," sambit ko.

"Noon ay pagsasaka ang kinabubuhay namin, hindi siguro mangyayari 'to kung hindi pinatag at hindi naging moderno ang aming bayan, hindi siguro naging ganito kalaki ang pinsala."

Bigla ko lang naisip, ang lahat ng tao ay pantay-pantay pagdating sa kalikasan. Walang mataas at walang mababa. Hindi tinitingnan ang kapeng iniinom mo tuwing umaga. Hindi tinitignan kung anong tatak ng suot mong damit. Kung makakatikim ka ng hagupit dahil sa pang-aabuso mo sa kanya ay makakatikim ka. Kung kaginahawaan naman dahil sa pagpapahalaga ay mabibigyan ka. Hindi lang siguro tayo matuto-tuto.

"Makakabangon din kayo," wika ko.

"Sana nga," bulong niya.

HUNTAHAN

"Hindi pa uso ang facebook no'n, paglalagay pa lang ng music at glitters-glitters na letters ang kinaaadikan ng mga tao noon sa friendster."

"Kahit ngayon sa facebook, hindi mo pa rin siya hinanap?" tanong uli niya.

"Sinubukan ko pero wala, hindi ko mahanap si Che."

Dito napunta ang usapan pagkatapos magsawang magkuwentuhan tungkol sa relihiyon, aliens, Daisy Siete, Streetboys, Dragonball at pulitika. Ginawa naming pulutan ang tsismisan.

"Siguro kung ngayon nangyari yun baka isipin mong napagkamalan siya."

"Loko, hindi naman kami gumagamit at nagtutulak."

Umismid siya, "'yung kapitbahay nga naming babae, iskolar 'yun ha, bigla na lang bumulagta sa semento. Ayun patay, napagkamalang pusher pero hula ko, tinuluyan dahil aktibista. Nabalita 'yun sa TV ha, 'di mo napanood?"

"Wala na akong gana manood ng TV dahil itutulog ko na lang, sinisilip ko na lang sa news feeds kung ano ang balita," sagot ko.

"Sayang 'yung bababeng 'yun, pa-gradute na, sinabitan pa ng placard. Ang tahimik tuloy ngayon ng lugar namin," binuksan niya ang bote ng redhorse at sinalok sa baso bago muling nagsalita, "minsan nakakatakot din ang masyadong tahimik."

"Totoo 'yan tol, ikaw? Paano ka, gabi pa naman ang pasok natin," tanong ko habang tinataktak sa daliri ang kaha ng sigarilyo.

Binunot niya ang lighter sa kanyang bulsa at nilagay sa lamesa, "well, gano'n talaga, hindi naman ako aktibista at wala namang adik na palaging naka long-sleeve." Sabay halakhak.

"May kilala nga akong TL palaging sabog. Tang'nang mga ahente no'n, kaya pala malakas mag-OT ang mga hayop."

Dugtong naman niya, "tahimik na sila ngayon pre, dahil palagi ang random drug test sa opisina, huwag lang talaga silang mahuhuli dahil ligwak talaga sila."

Nagsalita muli ako, "kung sino pa 'yung may kuwenta ang buhay sila pa yung namamatay, samantalang itong mga 'to dapat sila 'yung mga pinapatay."

Tinaas niya ang kanyang baso, "kampay!"

Babaeng iskolar na nakitang patay, wala raw sa drug watch list ng pulisya. Humihingi ng katarungan ang mga kaanak ng babaeng college student. Natagpuan ang bangkay sa gilid ng palayan at may nakitang sulat sa tabi ng katawan, "pusher wag tularan." Sa imbestigasyon ng pulisya, may nakita umanong iligal na droga sa bangkay. Pero giit ng tatay na hindi nagdo-droga ang kaniyang anak. Katunayan, pumayag siyang kunan ng dugo at i-drug test ang anak.

- GMA NEWS, Published July 27, 2016 10:58pm

TSABUROT

"I feel safe now, hindi na ako natatakot pumasok tuwing gabi," si Carol habang nakahiga kami sa motel.

"Lab mo, 'no? Lalo pa siguro kapag naipasa na ang new tax law," sagot ko na tila nagbabadya ng debate.

"He is the best President for me, at dapat lang ipasa 'yan para wala nang tax so we can get our full salary."

"Sa'yo okay lang pero sa iba hindi, lalong nagmahal ang bilihin," wika ko.

"Kaya nga, no tax sa sweldo, nilagay sa bilihin para you can choose the things that are necessary," sagot naman ni Carol.

"Hindi ko gets ang punto," sagot ko.

"My god, do I need to reiterate at teka, why suddenly may pakialam ka? I remember you wasting time playing computer games back in college and now… please stop, hindi ka pa nga ganap na teacher to preach me about society, your still working in fucking BPO!" Sabay taklob niya ng kumot.

Wala akong ganang makipagtalo at ulit-ulitin kay Carol ang mga bagay na ayaw niyang makita at intindihin, kaya pinasok ko ang aking kamay sa loob ng kumot at hinaplos-haplos ang makinis niyang binti, napakislot ito, "yan, diyan ka magaling."

Hindi ako tumigil at ginapang pataas sa kanyang beywang.

Napakislot ulit siya at humalinghing. Tinanggal ko ang kumot na nakabalot sa kanyang hubo't hubad na katawan. Pumatong ako sa kanya at tumitig nang malagkit.

"Bastos," sambit niya na nakakunot ang noo.

"Ito naman ang gusto mo 'di ba, bastusan tulad ni Duterte?"

"Gago!" sagot niya.

Dahan-dahan akong bumaba, "see you in 10 minutes," sabi ko.

Hinawakan niyang mahigpit ang aking buhok at napapikit, "tangina!" bulong niya.

OBERWARK

Hindi ko na ramdam ang sakit nang makita ko muli si Carol. Hindi ako nabigla o nakaramdam ng kakaiba. Hindi rin ako nasaktan nang iwan niya muli ako. Gano'n siguro kapag naka-move on na. Nawawala ang sakit, wala na ang mga luhang noon ay nagpapabigat sa akin. Siguro ganoon din ang mangyayari sa nararamdaman ko kay Che, kapag lumipas ay makakalimutan din. Kung hindi man makalimutan ay mapagod sa paghihintay. Nagiging manhid kaya hindi makaramdam at hindi rin makapag-isip. Gaya ng aking trabaho na tila isang patay na kaluluwa. Isang pasyente sa loob ng ambulansiya, tinatahak ang malawak ngunit masikip na daan dahil sa ginagawang kalsada, dagdag pa ang tila kunsuwelo de bobo na slogan ng Maynilad- kasunod ng abala, dadaloy ang ginhawa.

Galit ang wangwang, nagmamadali, mabilis ang arangkada at paglusot na parang naglalaro ng car racing sa Toms World. Naghihingalo at maaring minuto na lang ang ilalagi sa mundo.

May 45 oras tayong ginugugol kada linggo sa ating trabaho at 123 naman ang sa labas nito. Sa 123 na natitirang oras, hinuhubad natin kung sino tayo. Tinatanggal ang ranggo sa mga braso, inaalis ang titulong nakadikit sa ating pangalan, binubura ang Boss o Chief, Sir at Ma'am, itinitira kung sino talaga tayo, tinitira kung sino tayo bilang tao. Itatanong sa ating mga sarili, naging produktibo nga ba ako? Saka maalala ang mga pangarap at hahabulin ang hininga.

SILENT NIGHT

Simula nang naging Presidente si Digong ay naging tahimik na ang bawat gabi. Wala na ang mga grupo ng batang nakatambay sa kanto na aking nililikuan. Wala na rin ang mga kalalakihan na palaging lasing sa kalsada. Hindi ko na rin dinig ang mga gasgas na kanta sa videoke. Wala na rin ang tindahan ng yosi sa traysikelan. Hindi ko na rin napapansin ang mga batang hamog na sumasabit sa dyipni.

Ang mga ito ay napalitan ng tunog ng ambulansiya.
Pitik ng baril.
Unga ng bata.
Inang umiiyak.
At amang nakahandusay.

President Rodrigo Duterte's murderous "drug war" entered its second year in 2017, resulting in the killing of more than 12,000 drug suspects, Human Rights Watch said today in its World Report 2018.

BI-ES

Habang inaayos ang sabit ng aking litrato na nakasuot ng itim na toga ay hindi ko maiwasang isipin si erpat. Hindi man naging maganda ang relasyon naming dalawa ay hindi ko maitatanggi na alay ko sa kanya ang aking pagtatapos.

"Ayaw talaga ni papa mo mag-call center ka," si mama habang tinititigan ang aking litrato.

"Wala namang masama sa call center ma, hindi lang kasi alam ni papa kung gaano kahirap mag-call center."

Hinawakan niya ako sa pisngi, "'yun nga ang palagi kong paliwanag kay papa mo, hayaan mo na 'nak, nakalipas na at siguradong matutuwa si papa mo sa langit kapag nalaman niyang nakapagtapos ka."

"Si Beng, kumusta? Tinawagan na ba siya ng mga hospital na pinag-apply-an niya?" tanong ko.

"Hindi ba nasabi sa'yo ni Beng?" takang tanong ni ermat.

"Na ano?" pabalik kong tanong sa kanya.

"Magko-call center daw muna siya habang naghihintay ng tawag."

May kung anong bumara sa aking lalamunan, hindi ko alam kung malulungkot o matutuwa. Tiningnan kong muli ang mga litratong nakasabit. Katabi ng aking larawan ang litrato ni Beng- Berna Mae Pineda BS Nursing.

NOTIFY

Hi, this is Joms. I would like to check *if you can come in today. Please reply back to this message for notification.*

Isang text message pagkatapos magpasyang hindi pumasok ngayong shift. Pinindot ko ang reply at tinipa ang mga salitang sasabihin.

Boss pasensiya na po kung late na ako nag-notify. Hindi po ako makakapasok now, nag-LBM po ako at lagnat at pinag-rest po ako ng doctor.

Send at tinabi ko ang aking cellphone. Ilang saglit ay umilaw ito at tumunog. Pinindot ko ang cancel at tinurn-off.

Hindi ako nakatulog. Magdamag akong nakatitig sa kisame.

RENDER

Ilang buwan pagkatapos gumrawdweyt ay nagpasa ako ng resume sa aking TL.

"O, ano ito?" gulat niya habang ino-audit ang mga tawag namin noong nakaraang linggo.

"For greener pastures boss," sagot ko.

Tumigil siya saglit at humarap sa akin, "desidido ka na?" tanong ulit niya.

"Desidido na boss, pinag-isipan din nang mabuti," sagot ko habang nilalapag ang resignation letter sa kanyang station.

Sinilip niya at tiningnan, "ang tagal mo rin sa company, 'no? Ka-wave mo pala sila TL Jess at Rico. May opening ngayon for TL baka interested ka, I can help you," sambit niya.

"Boss, tanggapin niyo na baka mag-awol pa ako," pilit ko.

Pinaupo niya ako sa kanyang tabi at pinatay ang monitor, "ayoko lang masayang yung taon mo sa kumpanya and you have a potential to be a leader lalo pa't nagworking student ka. Marami na akong nakita na umalis sa BPO na bumabalik din pagkatapos ng ilang buwan o ilang taon. Then, they will start again, sayang ang time na na-invest mo. Saan ka makakakita ng trabaho na nakaupo lang, naka-aircon, komportable, maganda ang medical benefit, at suweldo. 'Yung iba nga diyan babad sa initan, under minimum wage pa ang suweldo. 'Yung bagong wave na parating sa floor, tatlo dun mga titser."

Hindi ako nagsalita dahil matagal na akong nakapagdesisyon. Naramdaman din niya na hindi ako papapigil kaya kinuha niya ang papel at pinirmahan, "may 30 days render ka at exit interview sa HR."

Nagpasalamat ako at umalis. Nalungkot din nang bahagya. Hindi dahil iiwan ko ang aking cubicle kundi baka tama ang mga salitang narinig.

JESSA

"Jessa, kumusta na?" tanong ko nang makita siya sa loob ng mall. Nagulat siya at ngumiti, "okay lang, kayo kumusta sa floor?"

"Gano'n pa rin, sa'n ka na ngayon?"

"Sa bahay na ako nagtatrabaho, nagtuturo ng English sa mga Korean."

Niyaya ko siyang kumain at naikwento niya si Glenn, "gago no'n, hindi sinabi na may asawa pala siya at ang tanga ko dahil hindi ko inalam."

Hindi ako umimik, "nag-awol ako dahil puro tsismis sa floor, may nakarating pa sa aking buntis daw ako, at naiinis ako sa mga tao doon dahil wala man lang nagsabi na may asawa pala si Glenn," tuloy niya.

"Ayaw lang nilang makialam," sagot ko, "at kung malalaman mo ba titigilan mo siya?" dugtong ko.

"Hindi ko alam, mahal ko e, ramdam ko na noon na may iba pero hindi ako nagsasalita, gusto ko, sa kanya mismo manggaling. Tapos nakatanggap ako ng text na tigilan ko na raw ang asawa niya dahil nakakasira ako ng pamilya. Alam ko ba at ginusto ko ba? Wala namang taong gustong manira ng pamilya. Wala raw akong respeto sa sarili, ang tingin ko tuloy na ang baba ko. Kaya yun, I decided to go and start a new life, far from him.

"Ayaw mo nang bumalik sa BPO?" tanong ko habang tinitingnan ang kanyang matang nangingilid ang luha.

"Hindi na muna siguro, okay pa naman ako sa home-based, walang traffic, buo ang sweldo, hindi rin mahirap kausap ang mga koreano. Babalik din ako, wala naman akong ibang alam na trabaho kundi umingles." Inilapag ng waiter ang pagkaing in-order namin at muli siyang nagsalita, "ikaw ba kumusta?"

Ngumiti ako, "render na, mga isang linggo na lang. Balak kong magturo sa eskwelahan, ayaw ko na bumalik sa BPO."

"Baka sabi mo lang 'yan, ganyan din 'yung iba tapos bumabalik ulit."

Tumawa ako, "totoo, desidido na."

"Well, good luck."

"Salamat."

"Kumusta nga pala kayo ni Che?" habol niya.

Hindi ako nakapagsalita, hindi ko alam ang isasagot dahil hindi ko alam kung kumusta nga ba kaming dalawa, "naku, wala talagang forever kaya huwag ka nang mag-drama, parehas tayong sawi kaya kumain na lang tayo," yaya niya.

Kinuha ko ang kanyang number bago umalis. Hinawakan niya ang aking kamay at nagpaalam.

Hindi pa ito ang huli, ramdam kong magkikita pa kaming muli.

LARYAB

Naikwento sa kaibigan na nahihilig akong magsulat nang minsan'y nakita sa kanyang station ang libro ni EMR.

Nabuyo kasi ako ng mga kaklase na magbasa. Nakakagaan din sa pakiramdam tuwing nagsusulat ng ilang alaala.

Binati ko siya, "ayos 'yan tol, ha!"

"Nabasa mo na?"

Umiling ako, "'yung pelikula lang, kay Brocka."

Nagsalita ulit s'ya, "lakas maka-anti Chinese, 'no? Napapanahon dahil sa isyu ng West Philippine sea."

"Oo nga e, tapos mo na basahin?" tanong ko.

"Hindi pa, pahiram ko sayo pagkatapos, iba kasi ang atake ng pelikula kaysa sa libro," saad niya.

Kaya nang malaman niyang mag-re-resign ako, inabutan niya akong ng libro.

Isang araw may nag-tag sa akin ng video sa facebook. Galit na ahente na minumura ang dyipni drayber.

"Ang bobo mo, wala ka kasing pinag-aralan!"

"You don't know me kuya, college graduate ako!"

"Dyipni drayber ka lang, you don't know me!"

"I don't fucking care! Drayber ka lang!"

Tahimik ang pobre. Hindi umiimik.

Pinutakte ng komento ang bidyo.

"Ang yabang ni kuya purket call center."

"Bakla ang hayop na ito, ang daldal."

"Mali-mali naman pronunciation ni kuya, BISAYA!!!"

"Bakit di ka na lang mag-taxi marami ka namang pera."

"Basta BPO mayabang mga undergraduate naman."

"Tangina, hindi talaga ako mag ko-call center. Pinag-aral ako ng parents ko tapos sa call center lang ako babagsak. NO FUCKING WAY!"

Laking gulat nang mamukhaan ang lalaki. Hinanap ko agad ang kanyang FB, hindi na ma-search siguro naka-deactivate.

Maraming bersyon, iba rin ang bersyon nang kumuha ng bidyo. Walang makapagsabi kung ano ang tunay na nangyari. Tila isang sex scandal na pinagpiyepiyestahan ng madla.

Siya, ang bidyo, ang tingin ng tao. Isang malaking komedya. Wasak na pelikula.

BID'OKE

Judas! Judaas Judas! Judaas! Bukod sa init ng tanghaling tapat ay ginising ako ng bulahaw ng videoke. Tatlong araw na ang birthday party sa katabing bahay at wala yatang balak magpahinga.

♫ *Ohohohoh*
I'm in love with Judas
Ohohohoh
I'm in love with Judas. ♫

Nilagay ko sa number 3 ang electric fan, baka sakaling dalawin muli ng antok.

♫ *I'm just a Holy Fool, oh baby he's so cruel*
But I'm still in love with Judas, baby. ♫

Nagpaikot-ikot na ako sa kama. Pakiramdam ko ay nasa loob ng microwave. Ginugulpi at sinisipa ng init. Interogasyon kung sino ang may sala.

♫ *Judas, kiss me if offenced,*
Or wear an ear condom next time. ♫

Sumuko ako. Hindi ko kaya ang maltrato nang tila alipato. Gusto kong magpalamig kako, kinuha ko ang cellphone.

♫ *I wanna love you,*
But something's pulling me away from you. ♫

May sumagot sa linya, "bakit?"
"Gusto mo magkita?" tanong ko.
"Sige, saan?" bulong niya.

LAYR

"Akala ko ba wala na kayo?" tambad na tanong ni Carol paglabas ko ng banyo.

"Sino ba 'yan?" tanong ko.

"'Yung malandi mong Jane," pahayag niya.

Agad kong kinuha ang cellphone sa lamesa at binasa ang nakabukas na text message: *"Hang out 2nyt?"* Si Jane, nakilala ko sa Taguig noong nakaraang year end party. Gaya ng mga babaeng nakilala pagkatapos ni Che ay puro panandalian lang, pulos landian lang. Walang tunay na relasyon, parang sa mundo namin, come and go.

"Wala na pala kayong dalawa pero mag-ka-text pa, you're fucking liar!" galit na nginig na boses ni Carol.

Nagpintig ang aking tainga at tumaas ang boses, "Fuck you too! Kung may sinungaling man dito, ikaw 'yun. Ano kaya ang mangyayari kung malaman ng asawa mong nakikipagrelasyon ka sa ex mo."

Napatigil siya nang bahagya, hindi nakapagsalita.

"Huwag nga tayong maggaguhan dito, pagbalik ng asawa mo sa kanyang burat ka pa rin uuwi."

Tumalikod siya at agad na kinuha ang dilaw na shoulder bag sa kama, lumabas at binalibag ang pinto.

Tiningnan ko muli ang cellphone ilang minuto bago siya umalis, *Incoming Call Carol….*

PRENTA

"Quality printing at extremely low cost!" Print up to 8000 with a set HP colour ink bottles or up to 5000 pages with an HP black ink bottle.

Ito ang nakalagay sa labas ng box ng bago kong biling printer. HP Deskjet GT5810, may print, scan and copy. Gusto ko kasing mahawakan ang mga sinusulat ko.

Nilabas ko sa box ang printer at nilapag malapit sa aking laptop. Sinalpak ko ang chord at saka nagsimulang mag-install.

Tumunog, *click OK*.

Sinubukan kong mag-print mula sa aking mga akda.

Maingay ang printer, parang lasing na tumatawag ng uwak. Niluwa ng imprenta ang papel na parang inang nagluwal ng sanggol. Mabango ang amoy ng tinta, nagsusumigaw ang mga letra.

Sa wakas, sabi ko, kahit man lang dito ay mangyari ang mga gusto.

sa kanyang paglisa'y bumalot ang malamig na hangin
yumakap na parang kumot sa takipsilim
sa kanang mata tumulo ang luha
sinundan ito ng kaliwa
humithit ng sigarilyo't bumuga
kasabay ng usok ay malulungkot na musika.

FEELS

Tatlong school ang pinuntahan ko para magpasa ng resume ngayong araw. 'Yung una, muntikan na akong maligaw. Madaming pasikot-sikot, mabuti na lang may sumulpot na manong guard sa kanto ng pasilyo at tinuro niya kung saan ang high school building. Hintayin ko na lang daw ang text ng principal para sa interbyu.

'Yung ikalawa, 'yung dati kong school, nakita ko ang dating guro. Nagulat siya na gusto kong magturo kaso mukhang hindi interesado ang HR, ramdam ko yung "I don't belong" feels sa loob ng school pero pinapabalik ako next week para sa demo—crossfinger.

'Yung ikatlo, may elevator sa loob. Mangha ako dahil first time kong makakita ng school na may elevator sa loob. Pinakita sa akin ang school auditorium, laglag panga ko, at 'yung hallway papunta sa school building, reminds me of something. Malaki ang paaralan, mukhang mahal ang tuition dahil maganda ang facilities at lahat ng room naka-aircon. Madaming magagandang estudyante kaya pikit na lang ako, baka magkasala.

Kahit saan EOP, pati rin siguro sa CR, narinig ko yung isang guard spokening dollars.

Hindi ako nagtagal, pinasa ko lang ang resume. Sabi, schedule demo ko bukas, need daw nila ng bagong teacher. Baka hindi na ako bumalik, hindi ko gusto ang ambience.

UNYON

Isang email ang natanggap ko galing sa dating kasama sa BPO. Paanyaya ito sa balak itayong unyon. Tinawagan ko agad ang kanyang numero.

"O, tol, natanggap mo ang email ko?" bati niya sa akin.

"Oo nga tol e, para sa'n ito?" tanong ko.

"Naalala kita, nagtanong ka dati tungkol dito kaya baka interesado ka," sagot niya.

"Hindi ko pa nababasa masyado ang email, hindi pa ako makapag-decide," wika ko.

"Laban ito na magkaroon ng national minimum wage sa atin, may mga taga-probinsiya kasi na sumusuweldo ng mababa sa 6,000, isipin mo na lang tol kung magiging tagumpay ito, maraming isyu tayong maipaglalaban. May protesta sa darating na Mayo," lahad niya.

"Tignan ko, hindi ako pwedeng umabsent, e," tugon ko.

Tumahimik ang linya nang ilang saglit bago ko muling narinig ang boses niya, "naintindihan ko, tol."

Binaba ko ang telepono at umidlip.

UTANG

Inabot ko kay Cindy ang hiniram niyang limang libo, pansin ko sa mata niya ang pagod at lungkot.

Simula kasi nang malaman sa opisinang aktibo siya sa unyon ay hinalungkat ang kanyang mga lates, absents, at isyung pagbebenta sa loob. Para silang mga asong naghuhukay ng buto. Nagulat na lang siya nang ibaba ang papel for termination.

"Anong plano mo?"

"Hindi ko alam, hindi pa rin nakakahanap ang asawa ko ng trabaho, baka umuwi na muna kami sa probinsya."

"Marami pang BPO dito, bakit hindi ka mag-apply sa iba?"

"'Yung iba kasi... hindi tinanggap, may record sila ng mga kasapi, ayoko na rin mag-aksaya ng panahon para mag-try, gastos lang."

Walang pinagsisisihan si Cindy sa nangyari, hindi naman din kawalan para sa kanya, do'n na rin kasi ang punta. Kasama siya sa mga ahenteng magiging floating next month. Kaya hindi siya nagdalawang isip lumahok nang matanggap niya ang imbitasyon sa email.

"Salamat talaga dito, babayaran ko rin agad kapag nagkapera." Hawak niya ang aking kamay at nangingilid ang luha bago magpaalam.

Ito ang huling araw na nasilayan ko ang mukha ni Cindy.

Floating status is synonymous to temporary retrenchment or being forced to go on leave. And unfornately, it is allowed by law.

A
V
A
I
L

DEMO

Ngarag ako ngayong araw, napaaga kasi ang demo na dapat sana ay sa susunod pang linggo. Mabuti na lang ay nakarating ako isang oras na maaga sa schedule. Binigyan ako ng form para sagutan, kaso wala akong panulat. Kinapa ko nang mabuti ang aking bulsa at naghanap sa kasuluksulukan ng aking bag, ngunit hindi ako nagtagumpay. Bigla kong naalala ang sabi ng kaibigan—kapag kinantot nga naman talaga ng kamalasan.

Tumayo ako at kinapalan ang mukha, "ma'am pwede po bang makahiram ng ballpen?"

Masama ang titig ng taga-HR. Balibag niyang inabot ang ballpen.

Ilang minuto pagkatapos sagutan ang form ay tinawag niya ang aking pangalan. Siya pala ang magka-conduct ng interview. Halata sa kanyang mukha na kakainin niya ako ng buhay. Pinagsisigawan ng kanyang facial expression na nagkamali ako ng pinuntahan.

Nagtanong siya. Sinagot ko. Nagtanong siya sa ingles sinagot ko siya sa ingles. Nagtanong siya sa tagalog sinagot ko siya sa tagalog. Tanong, sagot, tanong, sagot. Hanggang pumailanlang ang Just Once ni James Ingram kasabay ng sarkastikong litanya ng babae, "I don't know. I have to consider some things. Thank you so much for your time," tumayo siya at nakipagkamay. Hindi na niya ako tinuloy sa demo, kumbaga sa BPO, initial interview pa lang lagpak na ako.

Hindi na bago sa akin ang gan'to dahil ilang beses na rin akong na-reject pero ito yata ang pinakamasakit. Dahil ito ang gusto kong maging.

Pagkatapos, isang text ang aking natanggap.

Wanna join our Awesome, Brilliant & Gorgeous team!?
Are you customer obsessed with a work-hard-play-hard mentality? Then come & join us! We are looking for additional team members for the following roles. Our Team is growing and we want you in!
We're hiring for 200 CSRs to join our Online Retail Account (combination of voice and non-voice). Earn as much 25K per month with health benefits.
Customer Service Associates
Operations Manager
Communications Trainer
Quality Coaches
Team Leads
Real Time Analyst
Recruitment is open from Mon-Fri 10AM - 8PM. See you there!!!

BIGAYAN

"Mag-try ka muna sa amin, apply ka. After next month pwede kitang tulungan mag-trainer," ito ang aya sa akin ng dating katrabaho nang malamang wala na ako sa dati naming kumpanya, "mahirap pumasok ngayon ng titser, matagal ang hintayan, habang naghihintay dito ka muna sa amin. Anytime pwede kang mag-resign kapag ayaw mo na."

Bago lang ang kumpanya, isang German company at ito ang unang BPO na itatayo nila sa bansa. Pinasilip niya sa akin ang offer para sa unang batch ng mga ahente. Natulala ako sa laki. Kung mangyari man, ito ang unang beses na hahawak ako nang malaking halaga.

"Anong account?" tanong ko.

"Porn," nagulat ako sa sagot niya, pinaliwanag niyang mabuti, "trabaho natin na i-fliter ang mga porn websites. Maraming category ang porn, may XXX, may MILF at kung ano pa. Trabaho nating ayusin ang website at tanggalin ang mga ilegal na video."

"Gaya ng?"

"Child pornography."

Pumayag ako sa alok niya, "malaki ang bigay dito dahil sensitibo ang trabaho, kailangan mo ng matinding bituka para dito," babala niya.

"Alam ko, kaya sa bansa natin pinatapon ang ganyang trabaho."

PUZZLE

Habang nag-aabang ng dyip ay may bumati sa akin. Napatigil ako. Tinitigan nang mabuti ang kanyang mukha. Kahit anong anggulo ay hindi ko siya makilala.

"Kumusta pre, Sa'n ka na ngayon?"

Sa dami ng mga taong nakasalumuha ay hirap akong maalala kung saan ko siya nakilala. Ngumiti ako at sinagot ang kanyang tanong, "ayos lang pre, lumipat na ako ng company," sambit ko habang tinitingnan ang kanyang mukha na parang rubix's cube na kailangang sagutan.

"Kaya pala hindi na kita nakikita," sagot niya.

"Matagal na akong lumipat, ikaw saan ka na, do'n pa rin ba?" sunod kong tanong na tila nag-iimbestiga, nagbabakasakaling ang sunod niyang sagot ay clue kung sino siya.

"Do'n pa rin ako sa dati," habang nilalapit ang kanyang sarili. Nakaramdam ako ng matulis na bagay na bumabaon sa aking tagiliran, walangya, naloko na.

SERBIS

Nang malaman kong magkakaroon ng bagong account sa kumpanya ay hindi ako nagdalawang isip lumipat. Pakiramdam ko kasi na habang nagtatagal, na araw-araw ako nakakakita ng hubad na babae na tinitira ng lalaki at ilang video ng bukake ay nawawalan ako ng pakialam, at ayokong mawalan ng paki at libog sa katawan. Lalo na't palagi akong nakakahawak ng bidyo ng mga batang babae na nilalaro ang kanilang sarili sa harap ng kompyuter. Nirereport ko agad ito para hindi kumalat, nakakalungkot kasi na makita ang mga batang ito ay gumagawa ng kalaswaan dahil sa kahirapan. Mas nakakalungkot pa ay ang malaman na ito ay mga batang Filipina edad 9-15.

Service provider kung ituring ng mga taga-ibang bansa ang BPO, nakakapangilabot lang kung mayroon pa itong ibang depenisyon.

TRAINEE

"Boss pasensya na kahapon ha, di yata talaga ako pang call center at mapurol na rin ang utak ko, tagal ko na kasi grumadweyt, nakakahiya nga sa inyo, hirap pala mag-call center, kasi sa work ko noon sa Qatar salang kaagad at lahat actual na, basta sipag lang. Sana habaan pa ninyo pasensya n'yo."

Isang FB message ang natanggap ko galing sa unang batch na hawak ko bilang trainer.

"Minsan nga gusto ko na rin sumuko kaso I treasure the group dahil walang dull moments."

Panibagong mensahe habang tinitipa sa cellphone ang aking sasabihin.

"Ok lang, tol. Ganyan din ako parehas lang tayo. Naiintindihan namin. Lahat naman 'yan natututunan, kaya tayo nasa training is to learn. Okay lang magkamali at magtanong basta pumasok lang araw-araw at mag-pay attention sa mga topics, walang problema."

Kinabukasan.

"Good AM boss, hindi po ako makakapasok ngayon kasi aayusin ko po ang NBI ko at kukumpletuhin ko po 'yung medical ko kasi pinapabalik nila ako para sa BP ko, mataas daw kasi. 'Yun na lang po kulang ko. Kung pwede nga lang pumasok bago magtanghali papasok ako kaso counted as absent na rin yata 'yun, layo din kasi opis dito."

"Please send message to our work force."

"Done na po."

"Saan ka nga ba ulit nakatira?"

"Ternate Cavite, apat na oras ang biyahe papuntang opisina."

Ilang araw ang lumipas ay hindi na ako nakarinig ng balita galing sa kanya. Hindi ko na rin sinundan ang mensahe namin sa FB. Hanggang kanina ay nag-beep ang aking cellphone.

"Salamat boss, akala ko hindi na ako makakakuha ng sweldo, pumasok pa rin sa ATM ko. Pasensiya na, hindi na po ako nakapagsabi, balik na po ulit ako ng Qatar sa lunes."

ARAPPANG

"Karamihan sa atin walang pakialam sa ating karapatan basta sumusweldo, ayos lang. Kung hindi gusto ang kumpanya, e 'di lipat," sabi ko nang tanungin ng isang kasama tungkol sa mga hopper o empleyadong palipat-lipat.

"Basta ako, hindi ako magtatagal dito, isang taon lang, change career ba," kwento niya habang nagtitimpla ng kape.

"Sinabi ko rin 'yan, maraming beses, tingnan mo, hanggang ngayon nandito pa rin ako."

"Ayoko naman mabulok dito, madami pa akong bagay na gustong gawin kaysa humarap sa kompyuter."

"Sinabi ko rin yan," umismid siya at muling nagsalita, "madami pa akong pangarap."

"Parehas tayo, matagal na akong nangangarap, hindi ko lang naaabot," sambit ko habang nakatitig sa monitor at pinagmamasdan ang lumang larawan namin ni Che.

Tuwing natatapos ang shift ay tumitingin ako sa bintana. Nagbabakasakaling makita ang paglitaw ng haring araw. Iba kasi ang pakiramdam kapag natitiyempuhang kumakaway ang kanyang sinag. Kaso hindi tulad ng aking gusto—walang bundok, walang magandang tanawin, kundi mga gusali. Iniisip, nagtatanong, tinatanaw rin kaya nila kami mula sa inaayos na building? Pinagmamasdan din kaya nila kami? Mga tanong na kumakatok, bumubulong na tumatalbog sa mga salaming aquarium. Mga batong tinirik ng mga banyaga. Dalawang panig. Magkabilang mundo. Alipin pa rin ang mga manggagawang Pilipino.

sa panlimang pagkakataon ay muling inayos ang mga salita
pinagkone-konekta ang mga basag na alaala
mga basag na nota
patuloy na umiinog
sa aming dalawa

HINDI DAGLI

Wala akong ideya kung ano ba talaga ang ginagawa ng mga taga-BPO. Napapanood ko sa tv at ilang mga pelikula noon na taga sagot nga raw sa telepono at dapat marunong kang mag-ispokening dollars. Hindi lang dapat marunong, dapat alam mo ring gayahin ang tudlit (accent) ng mga kano. Dahil malaki ang kita sa pagiging call center ay naudyok akong subukan, at sawa na rin kasi ako sa mababang pasahod bilang service crew ng isang fast food chain na itago na lang natin sa pangalang Jollibee. Unang apply ko e, diyan sa may Megamall at ni-refer ako ng isang kasama sa simbahan, sabi niya—siya raw bahala sa akin, mag-pray lang daw at malakas naman kami sa taas. Lakas din talaga ng loob ko kaya "Ahhhhhhmmmmmm" at "Uhhhhmmmm" ang sagot ko.

Interviewer: How are you?

Me: I'm payn.

Interviewer: Do you feel any pressure right now?

Me: I don't feel any pressure right now.

Interviewer: Okay, very confident, describe the color yellow to a blind person?

Me: Ahmmmmm… they're, they was… who's... very… Hahahaha… Oh I'm so sorry, Ahhmm… Oh my god… I'm… Ok, I'm so sorry… I… I told you that I'm so confident… Eto, Ahhmm, Wait… Hahahaha, Ahmmm, I'm sorry because this was really my first interbyu.

Pagkatapos no'n, parang gusto kong upakan 'yung nag-refer sa akin na hindi man lang ako binigyan ng tips kung paano sumagot sa mga halimaw na tanong. Hindi ako pumayag at nilibot ko ang iba pang BPO center hanggang nakapasa ako diyan sa may Ortigas. Ang saya sa pakiramdam pero nakakapagod. Malaki ang sweldo, nabili ko ang mga gusto kong bilhin pero nakakapagod, nakakapagod siguro dahil halos sampung taon ko na rin itong ginagawa at ilang beses ko na ring sinabi na last ko na 'to, graduate na ako, change career naman pero bumabalik pa rin ako sa BPO industry.

Marami akong natutunan sa pagiging BPO agent at marami rin akong napansin at nakita. Hindi ko man maikwento ang lahat ng personal na karanasan at karanasan ng aking mga nakasama sa librong ito ay maiparamdam ko man lang at maipaalam sa iba na hindi iba ang buhay sa BPO. Naniniwala ako na lahat tayo ay may kwento at ito ay maliit na porsiyento lamang ng mas malaki, maganda, masakit, nakakatawa at nakakanose bleed na kwento ng ating lipunan.

PAYONG PUSO

Uso ang relasyon na kahit hindi kayo ay parang kayo. 'Yung okay lang kahit ma-long call basta sabay kayong mag-break at lunch. Minsan break the rules pa dahil tatabi ka sa station niya kahit pinagbabawal ni TL. Maghihintayan din sa uwian, kahit puyat na ay maghihintay at maghihintay pa rin. Ang problema lang e kapag nagkatanungan na kung ano nga ba kayong dalawa. Diyan na magsisimula ang ilangan. Ingatan ang mga puso, mahal ang kape. *(Gusto ko lang isingit ito pampakapal ng libro. FB Status 05/27/2018)*

HUDDLE

Nagsimula ang ideya nang mag-viral ang isang post tungkol sa mga call center agents na nakalimutan ko na kung tungkol saan. Nasabi ng kaibigan na bakit hindi gumawa ng antolohiya tungkol sa buhay BPO. Ngayon, hawak mo na ang ebi-din-s'ya.

Sa mga nakasama ko sa ilang kumpanyang tinalunan sa loob ng sampung taon. Salamat sa mga kwento, kayo ang pundasyon ng libro.

Salamat kay Arlene na nakilala ko sa BPO. Mabuti na lang at hindi ako nagdala ng ballpen kung hindi ay hindi ko mahihingi ang 'yong pangalan at wala akong Isla.

Sa mga naging TL ko na hindi ko na iisa-isahin dahil sa dami, salamat at pinush niyo ako sa aking limit. Pasensiya na rin sa mga late at absences, binigyan ko naman kayo ng magandang stats.

Sa mga naging trainers ko sa BPO kayo talaga ang idolo ko kaya nangarap din maging kagaya niyo. Hindi ko makakalimutan ang mga turo niyo lalo na sa English 101.

Sa mga naging kaibigan sa industriya, salamat, na-mi-miss ko ang team building sa Laguna (wala nang maalalang ibang lugar na pinag-team buildingan).

Sa mga nakasama na hindi ko kilala sa pangalan at sa mukha lang. I don't feel sorry malamang sa mukha niyo lang din ako kilala.

Kay ate HR na nambagsak sa akin sa interbyu, salamat dahil pangit daw ang company niyo, buti na lang (joke).

Sa mga naging OM ko na mababait, salamat po at sa mga masasama naman, well may karma din kayo mga g*g*.

Sa mga ka-yosi buddy. Salamat sa masasarap na kwentuhan pero tigil niyo na 'yan dahil ang mahal na ng kaha at masama pa sa kalusugan.

Salamat sa mga taong naging parte ng aking buhay at nagbigay kulay sa BPO, nagpakilig at kung ano pa. Masarap din sa pakiramdam na may hinihintay.

Sa mga nakausap sa kabilang linya lalo na sa mga bumbay, salamat sa long call. Multiple concerns pa more!

Salamat kay manong guard na palaging bumabati ng "Good evening, sir!" sa nakakatawang boses. Kahit paano ay nakakabawas ng pagod bago pumasok sa opisina. Mabuhay ka!

Salamat sa mga kaibigang kasama sa mundo ng pagsusulat na nagbigay oras mabasa ang aking mga akda. Ang lahat ng palo at payo para mapabuti pa ay aking pagkakatandaan.

Salamat sa mga kaibigan sa walang sawang suporta. Minsan ayoko nang magsulat dahil pakiramdam ko ay walang nagbabasa. Lumalakas lang ang

loob kapag may mga kaibigan kahit 'yung mga hindi lubusang kilala na naghihintay sa mga ka-shitang ilalabas. Salamat ulit, mga 100 times. Isa kayo sa mga inspirasyon ko at hininga.

Salamat kay Arwin at Emong sa panayam-bidyo-teaser ng libro. Pwede n'yo sila ma-contact sa kasal, binyag, 18th birthday, burol at pwede na rin ang honey moon: **Filmr | Voyage&Dust**

Arwinbaculpodelacruz@gmail.com
Em.escueta@gmail.com

Pahabol baka makalimutan. Salamat kina Jerome, Elkee, Wut, malupet na Bruce, Roger, Rick, Jonas, Yelle, Eynie, Ana, Jhei, Mitch, Phonse, Tep, Nic, Alan, Aaron, sa lahat ng Wave 3 ng Arvato (Team Japan), mga nakasama sa Convergys, mga nakilala sa EGS na 3 times nang nagpalit ng pangalan at yung mga nakilala sa apat na sulok ng building, basta kilala niyo na kung sino kayo.

Maraming salamat M.A Buendia sa oras at pagpansin sa aking mga koleksyon kahit hindi pa tayo nagkikita ng personal. Saludo sa'yo.

Kay Rommel, tol dami ko na utang sa'yo. Tuloy lang tayo palagi hindi susuko. Pagmamahal at yakap.

Rocelle, isa ka sa mga mabubuti at espesyal na kaluluwang nakilala ko sa lupa. Salamat sa oras.

Darwin Medallada, ikaw ang may sala. Matsala!

Salamat Erikson Isaga, simula pa lang noong una palagi kang suporta. Astig ka!

Thank you Peter Miranda, kapatid ko sa Lapis sa kalye. Isa sa mga mabalasik na kilala kong manunulat.

Sir Nico maraming salamat, palagi kang gumagabay at sumusuporta sa mga kagaya kong putsu-putsu ng panitikan. Mabuhay ka!

Kay Mhy, salamat sana hindi ka magsawa.

Kay Jam, marami pa tayong gagawin. Salamat!

Kay John, unang kita ko pa lang sa litrato sabi ko, eto na 'yun! Maraming salamat!

Sa may hawak ng libro, salamat. Magsulat ka, ikwento mo ang kwento mo. Asahan kita.

Si **Al Joseph Academia Lumen** ay pinanganak sa Etivac, tumambay sa LPC at ngayo'y naglulungga sa Parañaque. Halos sampung taon din siyang nagtrabaho sa BPO at hanggang ngayon ay hirap pa rin siyang sagutin ang *'tell me something about yourself?'* Nagsusulat siya minsan bilang Dudong Daga.

IBANG PANG AKLAT:

- Ang Pagpapanggap: Mga Istoryang Tagpi-tagpi - koleksyon ng mga dagli at maikling kuwento.
- RATED XYZ Volume 1 & 2: Zine